

IPRA:

**BATAS NG REPUBLIKA
BLDG. 8371**

Republika Bldg. 8371

*Batas na Kumikilala, Nagtatanggol at
Nagtataguyod sa Karapatan ng Katutubong
Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan,
Nagbubuo ng Pambansang Komisyon para sa
Katutubong Pamayanan, Nagtatadhana ng
Kaukulang Kaparaanan sa Pagpapatupad, at
Naglalaan ng Gugulin para ditto at para sa iba
Pang layunin.*

BATAS NG REPUBLIKA BILANG 8371-IPRA

Republika ng Pilipinas
Batasan ng Pilipinas
Lungsod ng Metro Manila

Ikasampung Kongreso

Pangkalahatang Karaniwang Session

Sinimulan at Ginanap sa Metro Manila

Ika-28 ng Hulyo 1997

(BATAS NG REPUBLIKA BILANG 8371)

*Batas na kumikilala, Nagtatanggol at, Nagtataguyod sa Karapatan ng
Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanang Pilipino,
Nagbubuo ng Pambansang Komisyon para sa Katutubong Pilipino,
Nagtatadhana ng Kaukulang Kaparaanan sa Pagpapatupad at Naglalaan
Ng Gugulin para dito sa para sa iba pang Layunin.*

KABANATA I :

MGA TADHANANG PANGKALAHATAN

Seksyon 1. Maikling Pamagat. Ang batas na ito ay tatawaging “Batas Ukol sa Karapatan ng mga Katutubo ng 1997.”

Seksyon 2. Pahayag ng Patakaran ng Estado.
Kinikilala at itinataguyod ng Estado ang lahat ng mga karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na nakasaad ditto alinsunod sa balangkas ng Saligang Batas ng Pilipinas:

- a. Kikilalanin at itataguyod ng Estado ang mga karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan alinsunod sa balangkas ng pambansang pagkakaisa at pag-unlad;
- b. Pangangalagaan ng Estado ang mga karapatan ng Katutubong pamayanan sa kanilang lupaing ninuno upang matiyak ang kanilang kagalingang ekonomiko, panlipunan at pangkultura. Kikilalanin at paiiralin ng Estado ang mga nakaugaliang batas/katutubong batas hinggil sa mga karapatan o mga ugnayan sa ariarian sa patiyak sa pagmamay-ari at saklaw ng mga lupaing ninuno;
- k. Kikilalanin, igagalang at pangangalagaan ng Estado ang mga karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na pangalagaan at paunlarin ang kanilang mga kalinangan, salindunong/tradisyon at mga linangan/institusyon. Ang mga karapatang ito ay isasaalang-alang sa pagbubuo ng mga pambansang batas at patakaran;
- d. Titiyakin ng estado na tatamasain ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, anuman ang kasarian, ang ganap na mga karapatang pantao at kalayaan nang walang hadlang o pagtatangitangi;
- e. Magsasagawa ng mga hakbang ang Estado kaugnay sa pakikibahagi ng mga Katutubong Pamayanan sa pagtatanggol ng kanilang mga

karapatan, tiyakin ang paggalang sa kabuoan ng kanilang kalinangan, at titiyakin din na ang mga kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay magtatamasa ng pantay na mga karapatan at pagkakataon na katulad ng iginagawad ng mga pambansang batas at patakaran sa iba pang mamamayan; at

- g. Tinatanggap ng Estado ang kanyang tungkuling tumugon sa malakas na pahayag ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan para sa kabuoan ng kanilang kalinangan. Dahil dito titiyakin ng estado na may lubos na paglahok ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa tunguhin ng edukasyon, kalusugan at iba pang mga paglilingkod, upang ang mga nasabing paglilingkod ay higit na nakatutugon sa mga pangangailangan at pagnanais ng mga pamayananang ito;

Tungo sa mga layuning ito, itatatag at itataguyod ng estado ang mga kaukulang kaparaanan upang maipairal at matiyak ang katuparan ng mga karapatang ito, na may pagsasa-alang-alang sa mga kaugalian, salindunong/tradisyon, paniniwala, interes at linangan/insitusyon ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, at upang magpatibay at maipatupad ang mga hakbang upang maipagtanggol ang kanilang mga karapatan sa kanilang lupaing ninuno.

KABANATA II :

KAHULUGAN NG MGA SALITA

Seksyon 3. Kahulugan ng mga salita. Sangayon sa layunin ng Batas na ito, ang mga sumusunod na salita ay mangangahulugan ng:

- a. ***Lupaing Ninuno*** maliban sa pasubaling nakasaad sa Seksyon 56 ng Batas na ito, ay tumutukoy sa lahat ng mga pook na sa kalahatan ay pagmamay-ari ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na bibubuo ng mga kalupaan, mga katubigan sa ilaya, baybaying dagat, at mga likas yaman dito, na pagmamay-ari, inangking pagaari, sinaklaw, ginagamit o pinaninirahan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, nila mismo o sa pamamagitan ng kanilang mga ninuno, maging ito'y kumunal/pangmadla o panarili, mula pa sa panahong hanggang abot ng alaala (time immemorial), patuloy hanggang sa kasalukuyan maliban kung ito'y nagambala ng digmaan, sapilitang paglikas dahil sa dahas, panlinlang o pagnanakaw o bunga ng mga proyekto ng pamahalaan o iba pang sariling-kusang kasunduang sinagayunan ng pamahalaan at mga pribadong indibidwal/korporasyon, na kinakailangan upang matiyak ang kanilang kagalingang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan. Isasama dito ang mga lupaing ninuno, kagubatan, pastuhan, lupang residensyal, pansakahan at iba pang mga pansariling lupa anu man ang kasalukuyang kaurian nito, mga lugar na pinangangasuhan, libingan, lugar na sagrado o pinagsasambahan, mga katubigan, mineral at iba pang mga likas-yaman, at mga lupang maaaring hindi na tanging ang mga katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan lamang ang naninirahan subalit kinaugaliang kanilang nagagamit para sa kanilang kabuhayan at mga nakaugaliang Gawain, particular ditto ang kahabaan ng hanay na pinaninirahan ng mga Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na nananatiling lagalag (nomad) at/o mga nagpapalipat-lipat na mambubungkal (shifting cultivators);
- b. ***Lupang Ninuno*** maliban sa pasubaling nakasaad sa Seksyon 56 ng batas na ito, ang lupang ninuno ay tumutukoy sa lupang ariarian, sinaklaw, inari at ginagamit ng indibidwal, pamilya o angkan ng mga kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan mula pa sa panahong hanggang abot ng alaala, sa pamamagitan ng kanilang mga sarili o kanilang ninuno, sa ilalim ng pagaangking pansarili o tradisyunal na pagmamay-ari ng grupo, tuloy-tuloy hanggang sa kasalukuyan maliban kung nagambala ng digmaan, sapilitang paglikas dahil sa dahas, panlilinlang o pagnanakaw, o bilang bunga ng proyekto ng pamahalaan at iba pang sariling-kusang kasunduang sinangayunan ng pamahalaan at pribadong indibidwal/korporasyon, kabilang subalit hindi limitado sa, mga lupang residensyal, hagdan-hagdang palayan (rice terraces) o palayan, mga pribadong gubat, kaingin at lupang natatamnan ng mga punongkahoy;
- k. ***Katibayan ng Pagkilala sa Lupang Ninuno (CALT)*** tumutukoy sa titutlo na pormal na kumikilala sa mga karapatan ng pagmamay-ari ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa kanilang lupaing ninuno na tinukoy at nasukat nang naaayon sa batas na ito;
- d. ***Katibayan ng Pagkilala Sa Lupang Ninuno (CALT)*** tumutukoy sa titulo na pormal na kumikilala sa mga karapatan sa pagmamay-ari ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa kanilang lupang ninuno;
- e. ***Pag-aangking Kumunal*** tumutukoy sa mga pag-aangkin sa lupa, at likas yaman o sa mga karapatan dito, na pagmamay-aring pangmadla o pagmamay-ari ng buong pamayanan/tribu sa loob ng isang tukoy na teritoryo o lugar;
- g. ***Mga Kinaugaliang Batas/Katutubong Batas*** tumutukoy sa lupon ng mga nakatala at/o dinakalatang mga alituntunin, kasanayan, kaugalian

na tradisyunal at patuloy na kinikilala, tinatanggap at sinusunod ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

h. *Malaya Nauna at Malinang na Kapahintulutan (Free and Prior Informed Consent)* Sangayon sa pagkakagamit sa batas na ito, ay mangangahulugan ng pagkakasundo- sundo ng lahat ng kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na titiyakin sang-ayon sa kanilang mga kinaugaliang/katutubong batas at kagawian, malaya sa anumang panlalang mula sa taga-labas, panghihimasok at pamimilit, at natamo at matapos ipagbigay alam at ipaliwanag nang lubos ang lahat ng kabatiran ukol sa, layunin at lawak ng Gawain, sa wika at pamamaraang nauunawaan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

i. *Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan* tumutukoy sa isang pangkat ng mga tao o magkakauring mga lipunan na nakikilala sa sariling pagpapatunay o pagpapatunay ng iba, na tuloy-tuloy na namuhay bilang organisadong pamayanan sa isang tukoy at kumunal na teritoryo, na mula pa sa panahong hanggang sa abot ng ala-ala ay magmamay-ari, o umaangkin, namumuhay at naninirahan sa naturang mga teritoryo, nabubuklod nga sariling wika, mga kaugalian, salindunong/tradisyon at iba pang mga natatanging katangiang pangkalinangan, o mga pamayanang dahil sa pagtutol sa pampulitika, panlipunan at pangkalinangang panghihimasok at pananakop ng mga dayuhan ay makasaysayang nagging bukod o iba sa nakararaming Pilipino. Kabilang sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay yaong mga tao na itinuturing na katutubo sa pamamagitan ng kanilang mga ninuno na nanirahan sa bansa nang una pa sa panahon ng paglupig o pananakop o sa panahon ng pagtatatag ng hindi katutubong mga relihiyon at kultura o nang una pa sa panahon ng pagtatatag ng mga kasalukuyang mga hangganan ng estado, na nakapagpanatili ng ilan o lahat ng kanilang sariling panlipunan, pangkabuhayan, pangkultura at

pampulitikang mga linangan/institusyon, na maaaring napaalis na sa kanilang mga tradisyunal na lupain o kaya'y namumuhay na sa labas ng kanilang lupaing ninuno.

l. *Katutubong Balangkas Pampulitika* tumutukoy sa mga pamamaraan o balangkas ng pang-organisasyon at pangkulturang pamumuno, mga linangan/institusyon, pagkakaugnay, huwaran at kaparaanan para sa pagbubuo ng mga pasiya at paglahok, na kinikilala ng mga Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan tulad ng, ngunit hindi limitado sa, Kapulungan ng mga Nakatatanda, Kapulungan ng mga Timuay, Nangangalaga ng Bodong, o anumang iba pang hukuman o lupong may katulad na katangian sa mga nabanggit sa unahan;

m. *Pag-aangking Pansarili* tumutukoy sa mga pag-aangkin sa lupa at mga karapatan ditto na marapat para sa mga indibidwal, pamilya at angkan, kasama, ngunit hindi limitado sa, mga lupang residensyal, hagdan-hagdang palayan at mga palayan at lupang natatamnan ng mga punongkahoy;

n. *Pambansang Komisyon ng Katutubong Pamayanan* tumutukoy sa tanggapan binuo sa ilalim ng batas na ito, na mapapasailalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas, na siyang pangunahing tanggapan na pampamahalaan na may pananagutan sa mga pagbubuo at pagsasagawa ng mga patakaran, plano at programa upang kilalanin, pangalagaan at itaguyod ang mga karapatan ng Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

o. *Karapatan sa Lupaing Ninuno (Native Title)* tumutukoy sa mga karapatan ng mga Katutubong Pamayanang cultural/Katutubong Pamayanan sa lupa at lupain ninuno na may bias at kinkilala nang una pa sa panahon ng pananakop, at nakabatay sa katuwiran na, mula pa sa panahong hanggang abot ng alaala, ay pribadong pagmamay-ari na o inaangkin na pribadong ariarian ng Katutubong pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan, kung kaya't ang mga lupaing ito ay hindi kailanman nagging lupang publiko at sa gayon, hindi mapapasubalian na pribadong pag-aari nga ito

ng mga Katutubong Pamayanan/Katutubo bago pa man ang pananakop ng mga Kastila;

- p. *Mga Samahang Di-Pampamahalaan (NGO)*** tumutukoy sa mga samahang pribado na may layuning di-napagkakakitaan at kusang-loob na binuo upang makapagbigay ng ibat-ibang mga paglilingkod sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, may matibay na kasaysayan/record ng mabisang paglilingkod at katanggap-tanggap sa pamayanang pinaglilingkuran nito;
- q. *Samahan ng mga Tao (PO)*** tumutukoy sa mga samahang pribado at may layuning di-pinagkakakitaan na kusang loob na binubuo ng mga katutubo, at sa kanilang sariling pasiya ay maaaring maging kinatawan ng mga katutubo sa mga usapin na may kinalaman sa pamayanan.
- r. *Karapatan sa Salindunong/Tradisyunal at Likas-Kayang Paggamit ng Likas-Yaman*** tumutukoy sa mga karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa tuloy-tuloy at mapangalagang paggamit, pamamahala, at pangangalaga sa a) mga kalupaan, hangin, mga katubigan at mga mineral; b) mga halaman, hayop at iba pang organismo; k) mga lugar pangisdaan at pangasuhan; d) mga sagradong lugar; at e) iba pang lugar na may halagang pangkabuhayan, pangritwal at pangsining sang-ayon sa kanilang katutubong kaalaman, paniniwala, sistema at kasanayan; at
- s. *Panahong Hanggang Abot na Alaala*** tumutukoy sa isang takdang panahong hanggang kayang abutin ng alaala o natatandaan, ay may tanging katutubong pamayanang cultural/Katutubong pamayanan na nagmamay-ari, sumaklaw, umaangking bilang may-ari; at gumagamit ng isang tiyak na kalupaan na isinalin sa kanila, sa pamamagitan ng katutubong batas o minana sa kanilang mga ninuno, nang naaayon sa kanilang mga kaugalian at pinagkakaugalian at salindunong/tradisyon.

KABANATA III :

MGA KARAPATAN SA LUPAING NINUNO

Seksyon 4. Konsepto ng Lupa/Lupaing Ninuno.

Kasama sa konsepto ng lupa/lupaing ninuno ay yaong mga pagkakaunawa sa kalupaan na sumasaklaw hindi lamang sa pisikal na kapaligiran, kundi ang kabuuang kapaligiran kabilang ang pang-espiritwal at pangkalinangang buklod ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan sa mga lugar na saklaw, inari at ginagamit nila bilang kanilang ariarian at/o pag-aangkin.

Seksyon 5. Katutubong Konsepto sa Pagmamay-ari.

Ang katutubong konsepto sa pagmamay-ari ay tumutukoy sa pananaw na ang lupaing ninuno at lahat ng mga yamang matatagpuan dito ay magsisilbing material na batayan ng kanilang pangkalinangang kabuoan. Ang katutubong pagkakaunawa sa pagmamay-ari sa kabuuan ay nananangan na ang lupaing ninuno ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay pribado ngunit pagmamay-aring komunal/pangmadla ng lahat ng salinlahi at kung gayon ay hindi maaaring ipagbili, ipamigay o sirain. Kasama rin ditto ang salindunong/tradisyunal at likas-kayang karapatan sa likas-yaman.

Seksyon 6. Saklaw at Kabuuan ng Lupa/Lupaing Ninuno.

Ang lupa/lupaing ninuno ay binubuo ng lahat ng pook na sa kabuuan ay pagmamay-ari ng mga Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan katulad ng tinutukoy sa ilalim ng sek. 3 (a) at (b) ng batas na ito.

Seksyon 7. Mga Karapatan sa Lupaing Ninuno. Ang mga karapatan sa pagmamay-ari at pamumisisyon ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa kanilang mga lupaing ninuno ay kikilalanin at ipagtatanggol. Kasama sa mga karapatang ito ay:

- a. *Karapatan sa Pagmamay-ari.*** Ang karapatan sa pagmamay-ari ng mga kalupaan, mga katubigan na tradisyunal at/o aktwal na pinananahanan ng mga Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, mga sagradong lugar, salindunong/tradisyunal na mga lugar na pangasuhan at pangisdaan, at sa

lahat ng mga pagbabagong ginawa nila, anumang panahon, sa loob ng mga lupaing ninuno;

- b. ***Karapatang Paunlarin/Linangin ang Lupa at Likas-Yaman.*** Maliban sa pasubaling nakasaad sa Sek. 56 ng Batas na ito, ang karapatang paunlarin, kapangyarihang patnubayan at gamitin ang mga lupa at teritoryong tradisyunal na tinitirahan, inaari o ginagamit; karapatang pamahalaan at pangalagaan ang mga likas yaman sa loob ng mga teritoryo alinsunod sa pagtalima sa pananagutan para sa mga susunod na salinlahi; makinabang at makabahagi sa pakinabang mula sa pagbabahagi at paggamit ng mga likas yaman na matatagpuan ditto; ang karapatang makipagkasundo at magtakda ng mga kondisyon para sa paggalugad ng mga likas yaman sa mga lugar upang matupad ang layuning matiyak ang pangangalaga sa ekolohiya at kapaligiran, alinsunod sa kinaugaliang/katutubong batas at pambansang batas; ang karapatan sa malinang at matalinong pakikibahagi sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga programa, pribado man o pampamahalaan, na makakaapekto sa mga lupaing ninuno at tumanggap ng tama at sapat na kabayaran sa anumang pinsalang magagawa bilang resulta ng mga nabanggit na programa; karapatan sa mga mabisang hakbang/kilos ng pamamahalaan upang mapigilan ang anumang balakid, pagwawalang-bahala at pagyurak sa mga karapatang ito;
- k. ***Karapatang Manatili sa mga Teritoryo.*** Ang karapatan na manatili sa teritoryo at hindi mapaalis o mailikas mula ditto. Wlang Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan na maililikas nang wala silang Malaya, nauuna at malinang ng pagsang-ayon, sa anu mang kadahilanan maliban sa kapangyarihan ng Estado na kunin ang pribadong ariarian para sa gamit pambayan sa kaparaanan ng batas at may wastong kabayaran (eminent domain). Kung ang paglilipat o paglilikas ay pangangailangan bilangtanging paraan (exceptional measure), ang paglilipat o paglilikas ay magaganap lamang kung may Malaya nauuna at malinang

na pagsang-ayon ang kinauukulang katutubong Pamayanan. Sa anumang minarapat na panahon, o sa anumang sandali na ang kadahilanan ng paglikas ay mawala na, ay may karapatan ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na bumalik sa kanilang lupaing ninuno o mga lugar na pansamantalang nilisan. Sakaling hindi na posible ang pagbabalik sa mga nilisan na mga lugar, at sangayon sa nararapat na kasunduan at kaparaanan, ang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay bibigyan ng mga kapalit na lupain katumbas ng o may kalidad at legal na katayuan tulad ng mga lupaing sapilitang nilisan, angkop at makakatugon sa kanilang kasalukuyang pangangailangan at panghinaharap na kaunlaran. Ang mga taong sapilitang maililipat o maililikas ay tatanggap ng wastong kabayaran para sa anu mang kaugnay na kawalan o pinsala sanhi ng sapilitang paglikas;

- d. ***Karapatan Kung may Paglikas.*** Kung ang sapilitang paglikas ay nagging bunga ng malalaking sakuna, pagsisikapan ng Estado na mailipat ng kinaroroonan ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa naaangkop na mga lugar kung saan maaari silang magkaroon ng pansamantalang pansuportang pangkabuhayan; Datapwa't ang mga katutubong nailikas ay may karapatang bumalik sa kanilang mga lugar kung ang kaayusan at kaligtasan sa mga lupang iyon ay bumalik na; At karagdagan pa, na kung ang panunumbalik ng katiwasayan at kaligtasan sa lupaing ninuno sa dating kalagayan ay hindi na possible pa, ang mga nailikas na mga katutubo ay magkakaroon ng seguridad sa paninirahan sa mga lupang kanilang nilipatan: *Sa karagadagang kondisyon na*, ang mga batayang serbisyo at kabuhayan ay ibibigay sa kanila upang matiyak na ang kanilang pangangailangan ay maayos na natutugunan;
- e. ***Karapatang Isaayos ang Pagpasok ng mga Dayuhan o mga Makikipanirahan.*** Karapatan sa pagpapahintulot at pagsasaayos ng pagpasok ng sino mang mga migrante o mga taong makikipanirahan at mga organisasyon sa mga lupaing ninuno;

- g. **Karapatan sa Ligtas at Malinis na Hangin at Tubig.** Sangayon sa layuning ito, dapat pakinabangan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan ang kabuoang sistema at anumang kaparaanan upang mapangalagaan ng wasto ang mga kanilang mga katubigan at himpapawid.
- h. **Karapatang Angkinin ang mga Bahagi ng Reserbasyon.** Ang karapatang angkinin ang mga bahagi ng mga lupaing ninuno na nailaan para sa iba't-ibang mga layunin, maliban sa mga nakalaan at itinalaga para sa pangkalahatan at pampublikong kapakanan at serbisyo;
- i. **Karapatang Lutasin ang Hidwaan.** Ang karapatan na lutasin ang mga hidwaan sa lupa ayon sa mga kinaugaliang/katutubong batas ng Katutubong Pamayanang cultural/Katutubong Pamayanan na nakakasaklaw sa lupa na sanhi ng hidwaan, at kung hindi magtagumpay ang kinaugaliang pamamaraan sa pag-aayos ay saka pa lang maaaring isampa ang nauukol na reklamo sa hukuman o sa iba pang kaparaanan ng maayos na paglulutas ng hidwaan.

Seksyon 8. Mga Karapatan sa Lupang Ninuno. Ang karapatan sa pagmamay-ari at pamumisisyon ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan sa kanilang mga lupang ninuno ay kikilalanin at ipagtatanggol.

- a. **Karapatang Isalin ang Lupa/Ari-arian.** Kasama sa karapatang ito ang mga karapatan sa paglilipat ng lupa o ari-arian sa pagitan ng mga kasapi ng mga magkakatulad na Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, subalit sasailalim sa mga kinaugaliang/Katutubong batas at kaugalian ng kinauukulang pamayanan.
- b. **Karapatan sa Pagbawi.** Sa mga kalagayan na kung saan nakita na ang paglipat ng mga karapatan sa lupa/ari-arian sa pamamagitan ng anumang kasunduan o kaparaanan, sa isang di-katutubo ay nababahiran ng maling pahintulot ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, o naisalin sa kapalit ng di-makatwirang halaga, ang nagsasaling Katutubong Pamayanang

Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan na muling bawiin ang naturang lupa/ari-arian sa loob ng takdang panahong hindi lalagpas sa labinlimang (15) taon mula sa araw ng pagkasalin.

Seksyon 9. Mga Pananagutan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa Kanilang Lupaing Ninuno. Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na naninirahan sa isang tukoy na lupaing ninuno ay mayroong mga sumusunod na pananagutan.

- a. **Panatilihin ang Timbang at Kanais-nais na Ekolodyi.** Pangalagaan, mapanumbalik at panatilihin ang timbang at kanais-nais na ekolodyi sa lupaing ninuno sa pamamagitan ng pangangalaga sa mga halaman at hayop, katubigan at iba pang reserbasyon.
- b. **Panumbalikin kalayan ng mga nakalibang mga gubat.** Aktibong pangunahan, isakatuparan at lumahok sa pagpapanibagong gubat ng mga nasirang lugar at sa iba pang mga programa at proyektong pangkaunlaran ayon sa naaayon at matuwid na kabayaran; at
- k. **Sumunod sa mga Batas.** Tumalima at sumunod sa mga isinasaad ng Batas na ito at sa patakaran at panuntunan para sa mahusay na pagpapatupad nito.

Seksyon 10. Walang Pahintulot at Labag sa Batas na Panghihimasok. Ang walang pahintulot at labag sa batas na panghihimasok sa, o paggamit ng anumang bahagi ng lupaing ninuno, o anumang paglabag sa mga karapatang nabanggit sa una, ay parurusahan sa ilalim ng Batas na ito. Karagdagan pa ditto, ang Pamahalaan ay gagawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pagsasamantala ng mga di-katutubo sa mga kaugalian ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan.

Seksyon 11. Pagkilala sa mga Karapatan sa Lupaing Ninuno (Native Title). Ang mga Karapatan sa Lupaing Ninuno (Native Title) ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay kinikilala at iginagalang. Ang pormal na pagkilala, kung hinihiling ng mga nasabing Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, ay ipapaloob sa isang Katibayan ng Pagkilala sa Lupaing Ninuno (CADT), na

kumikilala sa titulo/karapatan ng kaukulang
Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong
Pamayanan sa mga teritoryong natukoy at nasukat.

Seksyon 12. Karapatang Makapamili ng Kaparaanan upang Mabigyan ng Katibayan ang Pagmamay-ari sa Lupa, Sang-ayon sa Batas Commonwealth Bilang 141, at mga susog nito, o sa Batas sa Pagpapatala ng Lupa Bilang 496. Ukol sa kanilang pansariling ari-arian, ang indibidwal na kasapi ng Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubong Pamayanan, na sa kanilang sarili o pamamagitan ng kanilang mga ninuno pinagmanahan, na patuloy na namumosisyon at naninirahan sa kanilang mga lupang ninuno o lupa bilang isang nagmamay-ari, sa panahong hindi kukulangin sa 30 taon, matapos mapagtibay ang Batas na ito at kung hindi tinutulan ng mga kasapi ng katulad ng nabanggit na Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, ay may karapatang makapamili ng katibayan sa kanilang mga lupang ninuno sa ilalim ng probisyon ng Batas Commonwealth bilang 141 at mga susog nito, o sa ilalim ng Batas sa Pagpapatala ng Lupa bilang 496.

Sa katuparan ng layuning ito, ang mga nasabing lupang ninuno na pansariling pagmamay-ari ng indibidwal, na may katangiang pang-agrikultura at sadyang ginagamit para sa agrikultura, bahayan, pastuhan at lupang ginagamit sa pagtanim ng puno, kasama ang mga gulod na 18% o mahigit pa ang taas, ay itinuturing na lupang agricultural na maaaring ilipat o ipagbili.

Ang karapatang makapamili ng karapatan ng pagpapatibay ng karapatan sa pagmamay-ari na iginagawad sa ilalim ng Seksyon na ito ay magagamit lamang sa loob ng dalawampung (20) taon mula sa pagkakabisa ng Batas na ito.

KABANATA IV :

KARAPATAN SA SARILING PAMAMAHALA AT KAPANGYARIHAN

Seksyon 13. Sariling Pamamahala. Kinikilala ng Estado ang likas na karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa sariling pamamahala at sariling pagpapasya at iginagalang ang kanilang mga kaugalian, gawi at linangan/institusyon. Sa gayon, titiyakin ng Estado ang karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na malayang itaguyod ang kanilang pangkabuhayan, panlipunan at pangkulturang pag-unlad.

Seksyon 14. Tulong sa mga Nagsasariling Rehiyon. Patuloy na palalakasin at itataguyod ng Estado ang mga nagsasariling rehiyon na nilikha sa ilalim ng Saligang Batas kung kanilang hihilingin o kakailanganin. Gayundin, hihikayatin ng Estado ang ibang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na hindi kasama o nasa labas ng Muslim Mindanao at Cordillera na gamitin ang anyo at laman ng kanilang mga gawi sa buhay na maaring kaugma ng batayang mga karapatang itinakda sa Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas at iba pang kinikilalang pandaigdigang karapatang pantao.

Seksyon 15. Sistemang Pangkatarungan, Mga Linangan/Institusyon sa Pag-aayos ng mga Tunggalian, Mga pamamaraan sa Paglikha ng Kapayapaan. Ang mga Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatang gamitin ang kanilang sariling pamamaraang pangkatarungan na pangkaraniwang tinatanggap, mga linangan/institusyon sa pag-aayos ng tunggalian, mga pamamaraan sa paglikha ng kapayapaan o mga kaparaanan at iba pang mga katutubong batas at kasanayan sa loob ng kanilang kaukulang pamayanan na maaaring kaugma ng pambansang sistemang pangkatarungan at ng pandaigdigang karapatang pantao.

Seksyon 16. Karapatang Lumahok sa Pagpapasya. Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatang lumahok nang ganap, kung kanilang mamarapatin, sa lahat ng mga antas ng pagpapasya sa mga bagay na maaaring makaapekto sa kanilang mga karapatan, buhay at kahirinatnan sa pamamagitan ng mga paraang sila mismo ang pipili, gayundin upang panatilihin at paunlarin ang kanilang

sariling katutubong balangkas pampulitika. Dahil ditto, titiyakin ng Estado na ang mga katutubong balangkas pampulitika. Dahil ditto, titiyakin ng Estado na ang mga katutubo ay mabibigyan ng kinatawan sa mga pangkat na gumagawa ng pasya at iba pang local na konsehong lehislatibo.

Seksyon 17. Karapatang Itakda at Pagpasyahan kung anu-ano ang Pangunahing Gawain para sa Kaunlaran. Ang mga katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatang itakda at pagpasyahan ang kanilang sariling mga prayoridad sa pagpapaunlad na makakaapekto sa kanilang mga buhay, paniniwala, linangan/insitutsyon, o pangispiritwal na katauhan, at ang mga lupang kanilang pagmamay-ari, sinasaklaw o ginagamit. Sila ay lalahok sa mga pagbubuo, pagsasagawa at pagtatasa ng mga patakaran, plano at programa para sa pambansa, panrehiyon at panlokal na pagpapaunlad na maaaring tuwirang makaapekto sa kanila.

Seksyon 18. Katutubong Barangay. Ang mga Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na naninirahan sa magkakarating na mga lugar o pamayanan kung saan sila ang bumubuo ng higit na nakakarami sa populasyon, ay maaaring magbuo o magtatag ng isang hiwalay na baranggay sang-ayon sa itinakda ng Kodigo ng Local na Pamahalaan hinggil sa pagbubuo ng katutubong baranggay.

Seksyon 19. Gampanin ng mga Samahang Pantao. Kinikilala at iginagalang ng Estado ang gampanin ng mga nagsasariling samahan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan upang maipagpatuloy at mapangalagaan ang kanilang marapat at sama-samang mga interes at adhikain sa pamamagitan ng mapayapa at matuwid na pamamaraan.

Seksyon 20. Mga Pamamaraan sa Paglinang at Pagbibigay Kapangyarihan sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan. Ang pamahalaan ay magbubuo ng mga pamamaraan para sa ganap na pag-unlad/pagka-maykapag-yarihan ng sariling mga linangan/institusyon at pagkukusa ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at, kung kinakailangan, ibibigay ang mga kinakailangan, ibibigay ang mga kinakailangang tulong para ditto.

KABANATA V :

KATARUNGANG PANLIPUNAN AT MGA KARAPATANG PANTAO

Seksyon 21. Pantay na Pangangalaga ng Batas at Pagpawi sa Di-pagkakapantay-pantay. Alinsunod sa pantay na pangangalaga ng batas na nakasaad sa Saligan Batas ng Republika ng Pilipinas, sa tsarter ng mga Nagkakaisang Bansa (U.N.), sa Pandaigdigang Pahayag ng mga Karapatang Pantao kasama na ang Kumbensyon sa pagpawi ng di-pagkakapantay-pantay laban sa Kababaihan at Pandaigdigang Batas sa Karapatang Pantao, igagawad ng Estado sa Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan, ayon sa nararapat na pagkilala sa kanilang natatanging katangian at pagkakakilanlan, ang mga karapatan, pangangalaga ng batas at pribelihyong katulad ng tinatamasa ng lahat ng mga tao. Igagawad din sa kanila ang katulad na karapatan sa paggawa, mga pagkakataon, batayang serbisyo, pang edukasyon at iba pang mga karapatan at pribelihyong tinatamasa ng lahat ng tao sa lipunan. Gayundin, titiyakin ng Estado na nag paggamit ng anumang anyo ng dahas o panghihimasok laban sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay haharapin ng naaayon sa batas.

Titiyakin ng Estado na ang mga batayang karapatang pantao at kalayaan na nakadambana sa Saligang Batas at iba pang kaugnay na mga pandaigdigang kasunduan ay titiyakin din sa mga katutubong kababaihan. Sa gayon, walang itinatadhana sa batas na ito ang maaaring ipagpalagay na magdudulot ng pagmamaliit sa mga karapatan at kagalingang dati nang kinikilala at iginagawad sa mga kababaihan sa ilalim ng mga umiiral na batas na may pangkalahatang saklaw.

Seksyon 22. Mga Karapatan sa Panahon ng Armadong Tunggalian/Digmaan. Ang mga Katutubo ay may karapatan sa di-pangkaraniwang pangangalaga at katiyakan sa mga panahon ng armadong tunggalian o digmaan. Susundin ng Estado ang mga Pandaigdigang pamantayan, higit sa lahat, ang Ika-Apat na Kapulungan sa Geneva ng 1949, para sa pangangalaga ang mga populasyon ng sibilyan sa mga pangyayaring kagipitan at armadong tunggalian/digmaan. Hindi mangangalap mula sa Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong

Pamayanan, ng kasapi ng hukbong sandatahan, ng labag sa kanilang kagustuhan, at sa particular para gamitin laban sa ibang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan; o mangalap ng mga kasapi mula sa katutubong kabataan para sa sandatahang lakas sa anumang kalagayan; o pilitin ang mga katutubo para lisanin ang kanilang mga lupa, teritoryo at kabuhayan, o ilipat ng lugar sa natatanging sentro para sa layuning panghukbo na may anumang kalagayan ng diskriminasyon o ng di pagkakapantay-pantay.

Seksyon 23. Kalayaan mula sa Diskriminasyon at Karapatan sa Pantay na Pagkakataon at Pakikitungo. Karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na maging Malaya sa anumang anyo ng diskriminasyon, kaugnay sa pangangalap ng manggagawa at mga kalagayan sa paggawa, na sila ay magtamasa ng pantay na pagkakataon para sa pagtanggap sa hanapbuhay, pangkalusugan at panlipunang tulong, kaligtasan at iba pang kaugnay na mga pakinabang pang-hanapbuhay, ipabatid sa kanila ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng umiiral na mga batas sa paggawa at mga paraang magagamit nila upang makagawa ng lunas, hindi sumailalim sa anumang sistema ng pamimilit na pagkuha ng bagong manggagawa, kabilang na ang mapang aliping paggawa at iba pang anyo ng utang-pagkabusabos, at pantay na pagkakataon sa hanapbuhay para sa babae at lalaki, kabilang ang pangangalaga laban sa pangkasariang panliligalig.

Sa gayon, pagtitibayin ng Estado, alinsunod sa balangkas ng mga pambansang batas at patakaran, at sa pakikipagtulungan sa mga kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, ang natatanging mga hakbang upang matiyak ang mabisang pangangalaga hinggil sa pagkuha ng bagong manggagawa at mga kalagayan sa hanapbuhay ng mga taong nabibilang sa pamayanang ito, lalo na kung hindi sila mabisang napapangalagaan ng mga batas na ipinatutupad sa mga manggagawa sa kabuuan.

Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan ay may karapatan sa samahan at kalayaang bumuo at magpalakad ng mga unyon, karapatang makipagtalastasan sa may-ari ng pagawaan. Sila rin ay may karapatang hindi sumailalim sa mga kalagayan sa paggawa na makakapinsala sa kanilang kalusugan, lalo na sa

pamamagitan ng pagkalantad sa mga pestisidyo at iba pang nakalalasong mga bagay.

Seksyon 24. Mga gawaing Labag sa Batas Kaugnay sa Paggawa. Labag sa batas para sa sinumang tao na:

- a. Magtangi laban sa sinumang katutubo hinggil sa mga itinakda at kondisyon sa paggawa dahil sa kanilang uring pinagmulan. Pantay na kabayaran ang ibibigay sa mga katutubo at di-katutubo para sa gawing magkapantay ang halaga; at
- b. Pagkaitan ang sinumang katutubong manggagawa ng karapatan o kapakipakinabangang itinatadhana o itiwag sila sa layuning hadlangan silang tamasahin ang alinman sa mga karapatan o kapakinabangang itinatadhana ng Batas na ito.

Seksyon 25. Mga Batayang Serbisyong Panlipunan. Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan sa natatanging mga hakbang para sa kagyat, mabisa at tuloy-tuloy na pag-unlad ng kanilang pangkabuhayan at panlipunang kalagayan, kasama ang mga usapin sa hanapbuhay, panghanapbuhay na pagsasanay at muling pagsasanay, pabahay, kalinisan, kalusugan at katiyakan ng panlipunan. Bibigyan ng natatanging pansin ang mga karapatan at naiibang pangangailangan ng mga katutubong kababaihan, matatanda, kabataan, bata at mga kapansanan. Nang naaalinsunod, titiyakin ng Estado ang karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa mga batayang serbisyong panlipunan ng pamahalaan na kabilang, subalit hindi limitado sa, kagamitan sa tubig at pailaw, edukasyon, kalusugan at imprastraktura.

Seksyon 26. Kababaihan. Ang mga katutubong kababaihan ay magtatamasa ng pantay na mga karapatan at pagkakataon katulad ng sa kalalakihan, hinggil sa panlipunan, pangkabuhayan, pampulitika at pangkalinangang sakop ng buhay. Ang paglahok ng katutubong kababaihan sa kaparaanan ng pagpapasya sa lahat ng mga antas, gayundin sa pag-unlad ng lipunan, ay bibigyan ng maayos na paggalang at pagkilala.

Ang Estado ay magbibigay ng ganap na pagkakataon sa edukasyon, pangangalaga sa bata at ina, kalusugan at nutrisyon, at mga serbisyong pabahay sa katutubong kababaihan. Ang pagsasanay sa panghanapbuhay, teknikal, pandalubhasaan at iba pang anyo ng

pagsasanay ay ibibigay upang ang mga kababaihang ito ay makalahok sa lahat ng aspeto ng buhay sa lipunan. Hanggat maaari, titiyakin ng Estado na ang lahat ng mga katutubong kababaihan ay magkakaroon ng pagkakataon sa Lahat ng paglilingkod na nasa wikang sarili.

Seksyon 27. Kabataan at Batang Katutubo.

Kikilalanin ng Estado ang mahalagang gampanin ng mga bata at kabataang katutubo sa paghubog ng lipunan at itataguyod at pangangalagaan ang kanilang pisikal, moral, ispiritwal, pangkatalinuhan at panlipunang katauhan. Tungo sa hangaring ito, itataguyod ng Estado ang mga programang pampamahalaang nakaukol sa pagpapaunlad at pag-aaruga ng mga bata at kabataang katutubo para sa mahusay na lipunan at magtatatag ng mga kinakailangang pamamaraan upang maipagtanggol ang mga karapatan ng mga bata at kabataang katutubo.

Seksyon 28. Kabuuang Sistemang Pang-Edukasyon. Ang Estado, sa pamamagitan ng NCIP, ay magbibigay ng husto, sapat at kabuuang sistemang pang-edukasyon na angkop sa pangangailangan ng mga bata at kabataang katutubo.

KABANATA VI :

KARAPATAN SA KABUOANG PANGKALINANGAN

Seksyon 29. Pangangalaga sa Katutubong Kalinangan, Salindunong/Tradisyon at mga Linangan/Instiutasyon.

Igagalang, kikilalanin at pangangalagaan ng Estado ang karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na mapanatili at mapangalagaan ang kanilang kalinangan, mga salindunong/tradisyon at linangan/institusyon. Isasaalang-alang ang mga karapatang ito sa pagbubuo at paggamit ng mga pambansang plano at patakaran.

Seksyon 30. Sistemang Pang-edukasyon.

Pagkakalooban ng Estado ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan ng walang kilik at pantay na pagkakataon sa pakinabang pangkalinangan sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon, pampubliko o pribadong mga lupong pangkalinangan, iskolarship, tulong pinansyal at iba pang pabuya nang walang pagtatangi at walang pinsala sa kanilang karapatang magtatag at pamahalaan ang kanilang sistemang pang-edukasyon at mga linangan/institusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon sa sarili nilang wika, sa isang paraang angkop sa kanilang pamamaraang pangkalinangan sa pagtuturo at pag-aaral. Ang mga katutubong bata at kabataan ay may karapatan sa lahat ng antas at anyo ng edukasyon ng Estado.

Seksyon 31. Pagkilala sa Pagkakaiba-iba ng mga

Kalinangan. Sisikapin ng Estado na masalamin sa lahat ng mga anyo ng edukasyon, kaalamang pampubliko at palitang pang-edukasyon at pangkalinangan ang karangalan at pagkakaiba-iba ng kalinangan, salindunong/tradisyon, kasaysayan at mithiin ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan. Dahil dito, gagawa ang Estado ng mabisang mga hakbang, kaugnay ng mga kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, na alisin ang maling palagay at diskriminasyon upang itaguyod ang pagsasaalang-alang, unawaan at magandang relasyon sa pagitan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at sa lahat ng bahagdan ng lipunan. Dagdag

pa, ang pamahalaan ay gagawa ng mabisang mga hakbang upang matiyak na ang mga *media* na pagmamay-ari ng pamahalaan ay marapat na isaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng kalinangan. Titiyakin din ng Estado ang paglahok ng mga nararapat na mga katutubong namumuno sa mga paaralan, pamayanan at pandaigdigang samahan katulad ng pagdiriwang, pulong, seminar, palihan upang itaguyod at pahasayin ang kanilang kakaibang kaugaliang mana.

Seksyon 32. Mga Karapatan sa Pagmamay-aring Intelektwal. Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan na isagawa at muling buhayin ang kanilang sariling pangkalinangang pinagkauglian at kaugalian. Pananatilihin, pangangalagaan at pauunlarin ng Estado ang nakaraan, kasaluyan at hinaharap na mga pagpapakilala sa kanilang mga kalinangan gayundin ang karapatan na mapanumbalik ang mga kalinangan, pangkarunungan, may kinalaman sa relihiyon, at pang espiritwal na pagmamay-ari na kinuha sa kanila nang walang Malaya, nauuna at malinang na pagsang-ayon o labag sa kanilang mga batas, salindunong/tradisyon at kaugalian.

Seksyon 33. Mga Karapatang may Kinalaman sa Relihiyon, mga Pook Pangkalinangan at mga Seremonya. Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatana ipahayg, isagawa, paunlarin at ituro ang kanilang mga salindunong/tradisiyong may kinalaman sa ispiritwal at relihiyon, mga kaugalian at seremonya; ang karapatang panatilihin, pangalagaan at magkaroon ng pagkakataon sa kanilang lugar pang-relihiyon at pangkalinangan; ang karapatang gamitin at patnubayan ang mga gamit pang seremonya; at ang karapatan na ibalik ang mga labi patay. Nang naalinsunod, ang Estado ay magsasagawa ng mga mabibisang hakbang, sa pakikipagtulungan sa mga kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, upang matiyak na ang mga sagradong lugar ng katutubo, kabilang ang mga libingan, mapangalagaan, maigalang at maipagtaggol. Upang makamit ang mga layuning ito, magiging labag sa batas na:

- a. Saliksikin/siyasatin, hukayin o gumawa ng mga paghuhukay sa mga sinaunang lugar ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan para sa layuning makakuha ng mga kagamitan na may pangkalinangang halaga nang walang malaya,

nauuna at malinang na pagsang-ayon ang kinauukulang pamayanan; at

- b. Sirain, alisin o sa ibang paraan ay sirain ang mga bagay na ginawa ng tao (artifacts) na may malaking kahalagahan sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan para sa pagpapanatili ng kanilang kalinangang mana.

Seksyon 34. Karapatan sa Katutubong Karunungan, Sistema at Pamamaraan (IKSPs) sa Pagpapaunlad ng Sariling mga Agham at Teknolohiya. Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan sa pagkilala at ganap na pagmamay-ari, pamamahala at pangangalaga ng kanilang mga karapatang pangkalinangan at pang-intelektwal. Sila ay may karapatan sa natatanging mga hakbang sa pamamahala, pagpapaunlad at pangangalaga ng kanilang mga agham, teknolohiya at pangkalinangan, mga pagkakakilanlan, kabilang ang pantao at iba pang yamanng henetiko, mga binhi, kasama ang pinagmulan ng ganitong yaman, katutubong gamut at kasanayang pangkalusugan, mahahalagang halamang gamut, mga hayop at mineral, katutubong karununganang sistema at pamamaraan, kaalaman sa katangian ng mga hayop at halaman, pasalitang kaugalian (oral tradition), panitikan, debuho, pampaningin at gumagampang sining (visual and performing arts).

Seksyon 35. Karapatan sa Yamang Bayolohika at Henetiko. Ang mga pagkakataon sa yamang bayolohiko at henetiko at sa katutubong kaalaman kaugnay sa pagpapanatili, paggamit at pagpapayaman ng ganitong mga yaman, ay papayagan lamang sa loob ng mga lupa at lupaing ninuno ng mga katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan kung may Malaya, nauuna at malinang na kapahintulutan ng mga nabanggit na pamayanan, na nakuha sang-ayon sa katutubong batas ng mga kaukulang pamayanan.

Seksyon 36. Likas-Kayang Pag-unlad sa Sakahan-Teknolohiya. Kikilalanin ng Estado ang Karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa likas-kayang pag-unlad ng sakahan-teknolohiya. Gagawa at magpapatupad ang Estado ng mga Gawain para sa mahusay na pagpapatupad nito. Itataguyod din ng

Estado ang “bio-genetic” at mga pamamaraan ng pamamahala sa yaman sa hanay ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at hihikayatin ang pakikipagtulungan ng mga ahensya ng pamahalaan upang matiyak ang tagumpay ng likas-kayang pag-unlad ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan.

Seksyon 37. Pondo para sa mga

Makasaysayang Pook. Ang mga katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatang tumanggap mula sa pambansang pamahalaan ng mga pondo na tanging nakaukol o nakalaan para sa pamamahala at pangangalaga ng kanilang mga makasaysayang pook at mga bagay na gawa ng tao sa pamamagitan ng tulong pampinasiyal at teknikal mula sa mga pambansang ahensya ng pamahalaan.

KABANATA VII :

PAMBANSANG KOMISYON SA KATUTUBONG PAMAYANAN PKKP/NCIP

Seksyon 38. Pambansang komisyon sa Katutubong Pamayanan PKKP/NCIP. Upang maipatupad ang mga patakarang itinakda ditto, bubuuin ang Pambansang Komisyon sa Katutubong Pamayanan, na magiging pangunahing sangay ng pamahalaan na may tungkulin sa paghubog at pagpapatupad ng mga patakaran, plano at programa upang itaguyod at pangalagaan ang mga karapatan at kagalingan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan at upang ipatupad ang pagkilala sa kanilang mga lupaing ninuno gayundin ang kanilang mga karapatan ditto.

Seksyon 39. Inatas na Tungkulin. Ang PKKP/NCIP ay mangangalaga at magtataguyod ng interes at kagalingan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ng may pagsasaalang-alang sa kanilang mga paniniwala, kaugalian, salindunong/tradisyon at linangan/institusyon.

Seksyon 40. Kabuoan. Ang PKKP/NCIP ay isang nagsasariling ahensya sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo at bubuuin ng pitong (7) Komisyonado na kung saan pipili ng isang Tagapangulo. Ang mga Komisyonado ay hihirangin ng Pangulo ng Pilipinas mula sa talaan ng mga rekomendadong iniharap ng mga tunay na Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan: *Sa kondisyon*, Na ang Pitong Komisyonado ay mahihirang particular isa mula sa mga sumusunod na etnograpihong lugar: Rehiyon I at Cordillera; Rehiyon II; Iba pang mga etnograpihong lugar sa Luzon; mga Pulo-pulo kasama ang Mindoro, Palawan, Romblon, Panay at iba pang bahagi ng Kabisayaan; hilaga at Kanlurang Mindanao; Timog at Silangang Mindanao; at Gitnang Mindanao; *Sa karagdagang Kondisyon na*, hindi bababa sa dalawa (2) mula sa pitong Komisyonado ang babae.

Seksyon 41. Mga Katangian, Lawig ng

Panunungkulan at Karampatang Sahod. Ang Tagapangulo at ang anim (6) na Komisyonado ay katutubong inank na mamamayang Pilipino, tunay na katutubong kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayana na pinatutunayan ng kaniyang tribo, dalubhasa sa mga pangyayari sa katutubo at nakipagtrabaho ng hindi bababa sa sampung (10) taon sa isang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at/o anumang ahensya ng pamahalaan para sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, hindi bababa sa tatlong (3) taon (35) taong gulang sa panahon ng pagkakahirang at kinakailangang may napatunayang katapatan at karangalan; *Sa kondisyong*, hindi bababa sa dalawa (2) mula sa pitong (7) Komisyonado ang dapat ay mananagbol na nakapasa sa “Philippine Bar.” *Sa karagdagang kondisyon*, na ang mga kasapi ng NCIP ay maglilingkod sa loob ng taning na panunungkulan na tatlong (3) taon, at maaaring muling mahirang sa isa pang katulad ding taning ng panunungkulan: *Sa karagdagang kondisyon*, na walang tao ang manunungkulan ng higit sa dalawang (2) buong taning ng panunungkulan. Ang paghirang sa alinmang bakante, kung sakali, ay para lamang sa takdang panahon na hindi natapos ng sinundan at walang anumang pangyayari na ang isang kasapi ay mahihirang para sa pansamantalang pagganap. *Sa kondisyon pa rin*, na ang Tagapangulo at mga Komisyonado ay may karapatang pasahuran nang

naaayon sa naalinsunod na “Salary Standarization law.”

Seksyon 42. Pag-aalis sa Panunungkulan.

Sinumang kasapi ng PKKP/NCIP ay maaaring alisin sa panunungkulan ng Pangulo, sa sarili nitong pagkukusa o ayon sa tagubilin o rekomendasyon ng alinmang katutubong pamayanan, bago matapos ang knayang taning na panahon ng panunungkulan kung may legal na kadahilanan at matapos sundin ang naaayong pamamaraang hinihingi ng batas.

Seksyon 43. Paghirang sa mga Komisyonado.

Ang pangulo ay hihirang ng pitong (7) Komisyonado ng PKKP/NCIP sa loob ng siyam na pung (90) araw matapos magkabisa ang Batas na ito.

Seksyon 44. Mga Kapangyarihan at Tungkulin.

Upang maisagawa ang mga ipinag-uutos sa kanya, ang PKKP/NCIP ay mga sumusunod na kapangyarihan, nasasaklawan at tungkulin:

- a. Magsilbing Pangunahing ahensya ng pamahalaan kung saan ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay makakahingi ng tulong at magsisilbing isang tulay kung saan ang gayong tulong ay maaaring ipaabot;
- b. Aralin at tasahin ang mga kalagayan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, kabilang na ang mga umiiral na mga batas at patakarang may kaugnayan sa kanila at magmungkahi ng pagsasabatas ng mga makabuluhang atas at patakaran upang makatugon at magampanan nila ang kanilang gampanin para sa pambansang kaunlaran;
- k. Balangkasin at ipatupad ang mga patakaran, plano, programa at proyekto para sa pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangang pag-unlad ng mga katutubong pamayanan/katutubo at subaybayan ang pagpapatupad ng mga iyon;
- d. Hilingin at gamitin ang paglilingkod at tulong ng mga dalubhasa mula sa ibang mga ahensyang pamahalaan o upahan ang mga

pribadong dalubhasa at taga-pagsangguni kung kinakailangan upang matugunan ang mga layunin nito;

- e. Maggawad ng katibayan ng pagkilala sa lupa/lupaing ninuno;
- f. Sang-ayon sa umiiral na mga batas, pumaloob sa mga kontrata, kasunduan o kaayusan sa mga ahensya ng pamahalaan o pribadong grupo kung kinakailangan upang maabot ang mga layunin ng Batas na ito, at batay sa pagsang-ayon ng Pangulo, umutang mula sa mga pampamahalaang institusyong nagpapautang o/at sa iba pang institusyong pautangan upang pondohan ang mga programa nito;
- g. Makipagkasundo ukol sa mga pondo at tumanggap ng mga bigay, donasyon, handog at/o ari-arian anumang anyo nito, mula saan mang mapagkukunan, panlokal man o pandaigdig, alinsunod sa pagsang-ayon ng Pangulo ng Pilipinas, para sa kapakinabangan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at pangasiwaan ito ayon sa mga nakasaad doon; o kung walang anumang panuntuanan, ay pangasiwaan sa paraang naaayon sa mga interes ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at sa umiiral na mga batas;
- h. Pagtugmain ang mga programa at proyektong pangkaunlaran para sa pagsulong ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at subaybayan ang wastong pagpapatupad nito;
- i. Magtakda ng napapanahong kumbensyon o pagtitipon ng mga katutubo upang aralin at tasahin, at magmungkahi, ng mga patakaran o plano;
- j. Payuhan ang Pangulo ng Pilipinas sa lahat ng mga usaping may kaugnayan sa mga katutubo at maghain sa loob ng animnapung (60) araw makalipas ang pagtatapos ng bawat taon, ng ulat ng mga pagpapalakad at mga nagawa nito.
- k. Maghain sa Kongreso ng mga panukala ukol sa pagpapatupad ng mga patakarang nakasaad sa batas na ito;

- l. Ihanda at ihain ang nauukol na laang guguling salapi sa Tanggapan ng Pangulo.
- m. Magbigay ng naaayong katibayan bilang paunang kondisyon sa pagbibigay ng pahintulot, pahintulot sa pag-upa, at iba pang kahalintulad na kapangyarihan para sa pagbibigay ng pahintulot sa pamimigay, paggamit, pamamahala at paglalaan sa sinumang pribadong tao, samahang pangangalakal o anumang ahensya ng pamahalaan, korporasyon o bahagi nito, sa alinmang bahagi ng lupaing ninuno na isinaalang-alang ang pinagkaisahan ng mga nasasangkot na mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;
- n. Hatulan ang lahat ng mga paghahabol mula sa mga pasya at Gawain ng lahat ng tanggapan sa loob ng Komisyon;
- ng. Pairalin ang kinakailangang mga tuntunin at patakaran para sa pagpapatupad ng Batas na ito;
- o. Isagawa ang iba pang kapangyarihan at tungkulin na maaaring ipag-utos ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas;
- p. Katawanin ang mga katutubong Pilipino sa lahat ng pandaigdigang pulong at kumbensyon na tumatalakay sa mga katutubo at iba pang kaugnay na mga bagay.

Seksyon 45. nalalapitan at Bukas na

Panunungkulan. Maliban sa mga taning na itinatatadhana ng batas o ng mga tuntunin at patakarang ipinapahayag kasunod nito, lahat ng mga opisyal na talaan, kasulatan at dokumento na tumutukoy sa opisyal na mga batas, mga pakikipag-usap o kapasyahan, gayundin ang mga pananliksik ng datos na ginagamit bilang batayan sa pagpapaunlad ng patakaran ng Komisyon ay gagawing bukas sa publiko.

Seksyon 46. Mga Tanggapan sa loob ng

PKKP/NCIP. Ang PKKP/NCIP ay magkakaroon ng mga sumusunod na tanggapan na may pananagutan sa pagpapatupad ng mga patakarang isinasaad ditto.

- a. **Tanggapan para sa Lupaing Ninuno.** Ang tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay may pananagutan para sa pagtutukoy, pagtukoy/pagsukat, pagkilala ng mga lupa/lupaing ninuno ng naaayon sa isang pangkabuoang plano gayundin ang pagpapatupad ng mga karapatan sa lupa/lupaing ninuno ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan katulad ng itinatatadhana sa Kabanat II ng Batas na ito. Ito rin ang magbibigay, sang-ayon sa Malaya, nauuna at malinang na pahintulot ng mga nasasangkot na mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ng katibayan ng pagkilala bago igawad ang anumang lisensya, paupa/pahiram o pahintulot para sa paggalugad ng mga likas yaman na makakaapekto sa mga interes ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan o sa kanilang mga lupaing ninuno. Ito rin ang magsasagawa ng iba pang mga tungkuling ipinapalagay ng Komisyon na angkop at kinakailangan;
- b. **Tanggapan para sa Paghubog ng Patakaran, Pagpapalano at Pananliksik.** Ang tanggapan para sa Paghubog ng Patakaran, Pagpapalano at Pananliksik ang may pananagutan sa pagbabalangkas ng mga naaangkop na mga patakaran at programa para sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan katulad ng, ngunit hindi limitado sa, paggawa ng isang Limang-Taong Pangkalahatang Plano para sa mga Katutubong Pamayanang cultural/katutubong Pamayanan. Ang nasabing plano ay sasailalim sa isang pamamaraan kung saan tuwing ikalimang taon, ang Komisyon ay gagawa ng pagtatasa sa plano at gagawa ng naaangkop na pagbabago batay sa pagbabago ng kalagayan. Ang tanggapan ay magsasagawa rin ng pagtatala ng katutubong batas at magtatayo at magpapanatili ng isang Sentro sa Pananliksik upang magsilbing imbakan o ipunan ng etnograpikong kaalaman para sa pagsubaybay, pagtatasa at pagbubuo ng patakaran. Tutulong ito sa lehislatibong sangay ng pambansang pamahalaan sa pagbubuo ng naaangkop na mga batas para sa kapakanan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

- k. **Tanggapan para sa Edukasyon, Kalinangan at Kalusugan.** Ang Tanggapan para sa Edukasyon, Kalinangan at Kalusugan ang may pananagutan ukol sa mabisang pagpapatupad ng mga karapatan sa edukasyon, kultura at iba pang kaugnay na karapatan katulad ng nakasaad sa Batas na ito. Ito ay tutulong, magtataguyod at susuporta sa mga paaralang pampamayanan pormal man o di-pormal para sa kapakanan ng lokal na katutubong pamayanan, lalo na sa mga lugar kung saan ang umiiral na pasilidad sa pag-aaral ay hindi umaabot sa mga katutubo. Magbibigay ito ng mga programa para sa libreng pag-aaral at iba pang karapatang pang-edukasyong nakalaan para sa mga katutubo sa pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Sports at sa Komisyon para sa mas mataas na Kaalaman. Ito rin ay gagawa, sa loob ng nasasaklawang laang pondo, ng isang natatanging programa kasama ang pagsasanay sa wika at pangkabuhayan, kalusugang pampubliko at programa para sa tulong pampamilya at iba pang mga kaugnay na mga paksa.

Tutukuyon din nito ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na may kakayahan sa pagsasanay sa larangan ng kalusugan at hihikayatin at tutulungan silang makapagtala sa mga paaralan sa medisina, “nursing, physical therapy” at iba pang kaugnay na may mga kursong may kaugnayan sa propesyong pangkalusugan.

Tungo sa hangaring ito, ang PKKP/NCIP ay magtatalaga ng isang kinatawan sa bawat tanggapan na siyang personal na gagawa ng mga nabanggit na tungkulin at siyang personal na gagawa ng mga nabanggit na tungkulin at siyang tatanggap ng mga sumbong mula sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan upang makagawa ng karampatang aksyon ang kinauukulang ahensya. Susubaybayan din nito ang mga Gawain ng Pambansang Museo at iba pang katulad na ahensya ng pamahalaan na sa kabuuan ay nakaukol sa pamamahala at pagpapanatili ng mga makasaysayang gawa ng katutubo at magkakaroon ng tungkulin sa pagpapatupad ng iba pang gawaing

ipinapalagay ng PKKP/NCIP na angkop at kinakailangan;

- d. **Tanggapan para sa Panlipunang-Pangkabuhayang Paglilingkod at natatanging Gawain.** Ang Tanggapan para sa Panlipunang-Pangkabuhayang Paglilingkod at natatanging Gawain ay maglilingkod bilang isang Tanggapan kung saan ang PKKP/NCIP ay makikipag-ugnayan sa ibang ahensya ng pamahalaan na sadyang nakatuon sa pagpapatupad ng iba’t-ibang mga batayang panlipunan-pangkabuhayang paglilingkod, mga patakaran, plano at programang nakakaapekto sa mga katutubong pamayanan/katutubo upang matiyak na ang mga ito ay maaayos at direktang napapakinabangan nila. Ito rin ang may pananagutan sa iba pang gawaing ipinapalagay ng PKKP/NCIP na angkop at kinakailangan;
- e. **Tanggapan para sa Paghubog-Kapangyarihan at mga Karapatang Pantao.** Ang tanggapan para sa Paghubog-kapangyarihan at mga Karapatang Pantao ang magtitiyak na ang mga karapatang panlipunan, pampulitika, pangkalinangan at pangkabuhayan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay igagalang at kikilalanin. Titiyakin din nito na ang mga pamamaraan sa pagbubuo ng kakayanan ay maitatatag, at ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay mabigyan ng lahat ng pagkakataon, kung kanilang pipiliin, para sa paglahok sa lahat ng mga antas ng paggawa ng mga pasya. Gayundin, titiyakin nito na nag mga batayang karapatang pantao, at iba pang mga karapatan na maaaring matukoy ng PKKP/NCIP, batay sa umiiral na mga batas, panuntunan at patakaran, ay pinangangalagaan at itinataguyod.
- g. **Tanggapan para sa Pangangasiwa.** Ang Tanggapan sa Pangangasiwa ay magbibigay sa PKKP/NCIP ng pangkabuhayan, mahusay at mabisang paglilingkod na may kaugnayan sa mga tauhan, pananalapi, talaan, kagamitan, seguridad, gamit at iba pang kaugnay na mga paglilingkod. Ito rin ang mamamahala ng Pondo para sa Lupaing Ninuno.

- h. **Tanggapang Panlegal.** Magkakaroon ng Tanggapang Panlegal na magpapayo sa PKKP/NCIP sa lahat ng mga bagay kaugnay sa usaping panlegal ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at may pananagutan sa pagbibigay sa mga Katutubong Pamayanan ng tulong panlegal sa paglilitis na may kaugnayan sa kapakanan ng katutubong pamayanan. Ito ang magsasagawa ng unang pagsisiyasat batay sa mga sumbong ng mga Katutubong pamayanang Kultural/katutubong pamayanan laban sa mga taong pinaniniwalaang lumabag sa karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan. Batay sa kanyang mga natuklasan, ito ang mangunguna sa pagsasampa ng angkop na legal o administratibong reklamo sa PKKP/NCIP.

Seksyon 47. Iba Pang Mga Tanggapan. Ang PKKP/NCIP ay may kapangyarihang magbuo ng karagdagang mga tanggapan na maaari nitong ituring na kinakailangan batay sa umiiral na mga tuntunin at patakaran.

Seksyon 48. Mga Tanggapang Panrehiyon at Panlabas. Ang mga umiiral na panrehiyon at panlabas na tanggapan para sa katutubo ay mananatili sa ilalim ng pinalakas na balangkas ng organisasyon ng PKKP/NCIP. Ang iba pang tanggapang panlabas ay lilikhain kung saan naangkop at ang huwaran sa paglalagay ng mga kawani ay pagpapasyahan ng PKKP/NCIP: Sa kondisyon na sa mga lalawigan kung saan mayroong mga Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ngunit walang mga tanggapang panlabas, ang PKKP/NCIP ay magtatayo ng mga tanggapang panlabas sa mga nasabing lalawigan.

Seksyon 49. Tanggapan ng Punong Tagapagpaganap. Ang PKKP/NCIP ay magbubuo ng Tanggapan ng Punong Tagapagpaganap na siyang magsisilbi bilang Kalihiman. Ang Tanggapan ay pamumunuan ng isang Punong Tagapagpaganap na hihirangin ng Pangulo ng Pilipinas sa tagubilin ng PKKP/NCIP sa isang palagiang posisyon. Ang paglalagay ng tauhan ng tanggapan ay pagpapasyahan ng PKKP/NCIP batay sa umiiral na mga tuntunin at patakaran.

Seksyon 50. Sangguniang Kapulungan. Isang kapulungan na binubuo ng mga tradisyunal na mga pinuno, nakatatanda at kinatawan ng kababaihan at kabataan ng iba't-ibang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ang pana-panahong bubuuin ng PKKP/NCIP upang magpayo dito hingil sa mga usaping may kaugnayan sa mga suliranin, adhikain at kapakanan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan.

KABANATA VIII :

PAGTUKOY, PAGSUSUKAT AT PAGKILALA SA LUPAING NINUNO

Seksyon 51. Pagtukoy, Pagsusukat at Pagkilala ng mga Lupaing Ninuno. Ang Sariling Pagtukoy at Pagsusukat (Self-Delineation) ang magiging gabay na panuntutan sa pagtukoy at pagsusukat ng mga lupaing ninuno. Sa gayon, ang mga kinauukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may tiyak na gampanin sa lahat ng mga gawaing kaugnay nito. Ang sinumpaang Salaysay ng mga Nakatatanda hinggil sa lawak ng mga kalupaan at mga kasunduang ginawa/pinasok o mga tratado sa mga kalapit na Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, kung mayroon man, ay mahalaga sa pagpapasya sa lawak ng pagmamay-ari ng mga tradisyunal na kalupaan. Gagawin ng pamahalaan ang mga kinakailangang hakbang upang matukoy ang mga lupang tradisyunal na sinasakop ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan at titiyakin ang mabisang pangangalaga sa kanilang mga karapatan sa pagmamay-ari ng mga ito. Magsasagawa ng mga hakbanging angkop sa kalagayan, upang tiyakin ang karapatan ng mga kaukulang katutubong pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan sa lupang maaaring hindi na sila lamang ang naninirahan, subalit kanilang nakaugaliang gamitin para sa kanilang ikinabubuhay at nakaugaliang mga Gawain, lalo na ang mga Katutubong pamayanang Kultural/katutubong pamayanan na gumagala pa rin hanggang sa kasalukuyan at/o mga palipat lipat na magbubungkal.

Seksyon 52. Mag Pamamaraan sa Pagtukoy at Pagsusukat. Ang pagtukoy at pagsusukat ng mga

lupaing ninuno ay gagawin ng naaayon sa mga sumusunod na pamamaraan:

- a. ***Mga Lupaing Ninuno na Natukoy/Nasukat Bago pa ang Batas na ito.*** Ang mga itinatadhana sa ilalim nito ay hindi sasaklaw sa mga lupa/lupaing ninuno na natukoy/nasukat na sa pamamagitan ng Pangasiwaang kautusan Bilang 2, Serye ng 1993 ng Kagawaran sa Kalikasan at Likas Yaman (DENR-DAO93-02), o maging sa mga lupa/lupaing ninuno na natukoy/nasukat sa ilalim ng ibang programa ng pamayanan sa lupaing ninuno bago pa magkabisa ang Batas na ito. Ang mga katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanang nagmamay-ari ng mga lupa/lupaing ninuno na natukoy/nasukat na bago pa magkabisa ang batas na ito ay may karapatang humiling ng katibayan ng Pagkilala sa Lupaing ninuno sa lugar kahit hindi sumailalim sa pamamaraang binabanggit ditto;
- b. ***Kahilingan Sa Pagtukoy/Pagsusukat.*** Ang pamamaraan sa pagtukoy/pagsukat sa isang tiyak na paligid ay maaaring simulan ng PKKP/NCIP sa pahintulot ng kinauukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, o sa pamamagitan ng kahilingan sa pagtukoy/pagsukat na inihain sa PKKP/NCIP ng nakararaming kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan;
- k. ***Pormal na Pagtukoy/Pagsukat.*** Ang pormal na pagtukoy/pagsukat ng mga hangganan ng lupaing ninuno, kabilang na ang sensus ng lahat ng kasapi ng pamayanang naroroon, ay kagyat na gagawin ng Tanggapan para sa Lupaing Ninuno sa oras na hilingin ng mga kaukulang Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan. Ang pagtukoy/pagsukat ay gagawin sang-ayon sa pakikipag-ugnayan sa kinauukulang pamayanan at sa lahat ng panahon ay isasaalang-alang ang tunay na pakikisangkot at paglahok ng mga kasapi ng kinauukulang pamayanan;

- c. ***Kinakailangang Katunayan.*** Ibibilang sa mga katunayan ng Pag-aangkin sa Lupaing Ninuno ang Sinumpaang Salaysay ng mga nakatatanda o pamayanan, at isa (1) sa mga iba pang mga kasulatan na tuwiran o di-tiwirang nagpapatunay sa pagmamay-ari o pagsaklaw sa konsepto ng nagmamay-ari, sa mga lugar na mula sa panahon hanggang abot ng alaala ay pag-aari, ari-arian o inaangking ariarian ng katutubong pamayanan o katutubo sa konsepto ng pagmamay-ari, na alinman sa mga sumusunod na tunay na kasulatan:

1. Nasusulat na salaysay ng mga kaugalian at pinagkaugalian ng mga Katutubong pamayanang Kultural/katutubong pamayanan;
2. Nasusulat na salaysay ng mga balangkas pampulitika at linangan/institusyon ng mga Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;
3. Mga larawan na nagpapakita ng mahabang panahon ng pagsaklaw tulad ng mga lumang pagpapaunlad, libingan ng mga yumao, sagradong lugar at mga lumang pamayanan.
4. Pangkasaysayang paglalahad, kabilang ang mga pagkakaisa at kasunduan hinggil sa mga hangganan, na pinagkasunduan ng mga kaukulang Katutubong pamayanang cultural/Katutubong pamayanan at iba pang katutubong pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan;
5. Plano ng pagsusukat at mga guhit ng mapa;
6. Mga palatauhang datos (anthropological data);
7. Mga talaan ng karuktungan ng kapanganakan;

8. Mga larawan at naglalarawang kasaysayan ng mga nakaugaliang komunal na mga gubat at lugar pangasuhan;
9. Mga larawan na naglalarawang kasaysayan ng nakaugaliang palatandaan katulad ng mga bundok, ilog, sapa, burol, hagdan-hagdang palayan at iba pang katulad; at
10. Nakasulat na mga pangalan at lugar na hango sa mga katutubong wika ng pamayanan;

e. *Paghahanda ng mga Mapa.* Batay sa mga pagsisiyasat at natuklasang katotohanang batay dito, ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ng PKKP/NCIP ay maghahanda ng isang mapa ng sukat na buong paligid, buo at may teknikal na paglalarawan, at isang paglalarawan sa mga likas na katangian at mga palatandaang naroon;

g. *Ulat ng Pagsisiyasat at Iba pang mga*

Kasulatan. Isang kumpletong sipi na naunang sensus at isang ulat sa pagsisiyasat ang gagawin ng Tanggapan sa Lupaing ninuno ng PKKP/NCIP;

h. *Patalastas at Paglalathala.* Isang sipi ng bawat kasulatan, kasama ang sipi na nakasalin sa wikang katutubo ng kaukulang Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ng mga ito, ang ididikit sa isang lantad na lugar nang hindi bababa sa labinlimang (15) araw. Ang kopya ng kasulatan ay ipapaskel din sa lokal, panlalawigan at panrehiyong tanggapan ng PKKP/NCIP, at ipapalathala sa isang pahagang may malaganap na sirkulasyon minsan isang lingo sa loob ng dalawang (2) magkasunod na linggo upang mabigyan ng pagkakataon ang iba pang may pag-aangkin sa mga saklaw na kalupaan na maghain ng pagtutol ditto sa loob ng labinlimang (15) araw matapos ang araw ng paglalathala: Datapwa't sa mga lugar na walang pahayagan, ang pagbabalita sa istasyon ng radio ay isang matuwid na kapalit: Datapwa't, kahit ang pagdidikit lamang ay itinuturing nang sapat kung ang parehong pahayagan at istasyon ng radio ay hindi magagamit;

i. *Paglilipat sa PKKP/NCIP.* Sa loob ng labinlimang araw (15) mula sa araw ng paglalathaha na kasaad sa itaas, at ng mga pamamaraan sa pagsisiyasat, ang tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay maghahanda ng isang ulat sa PKKP/NCIP na sinasang-ayunan nang buong puso ang pag-aangkin na ipinapalagay na may sapat na katunayan. Subalit, kung ang katibayan ay ipinapalagay na hindi sapat, ay hihingi ng karagdagang katibayan ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno: *Sa kondisyon*, na nag Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay hindi tatanggap ng anumang pag-aangkin na ipinapalagay na mali o may daya matapos ang pagsusuri at pagsisiyasat: *Sa karagdagang kondisyon*, na sa kalagayan ng hindi pagtanggap, bibigyan ng Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ang umaangkin ng naaayong pansin, at sipi ng lahat ng kinauukulan, na nagsasaad ng kadahilanan sa hindi pagtanggap. Ang di-pagtanggap ay maaaring habulin sa PKKP/NCIP. *Sa kondisyon*, bukod pa roon, na sa kalagayan na kung saan ang may magkatunggaling pag-aangkin sa hanay ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan hinggil sa mga hangganan ng inaangking lupaing ninuno, paghaharapin ng Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ang nagtatalong mga panig at tutulungan silang magkaroon ng panimulang pagsasaayos ng hidwaan na walang kinikilingan sa ganap na matalinong paghuhusgang nakasaad sa seksyon sa ibaba

l. *Pagsasauli sa Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan ng mga Lugar sa Loob ng Lupaing Ninuno na Pinamamahalaan ng mga Ahensya ng Pamahalaan.* Ang Tagapangulo ng PKKP/NCIP ay magpapatotoo na ng sakop ng lugar ay isang lupaing ninuno. Ang mga Kalihim ng Kagawaran ng Repormang Pansakahan, Kagawaran sa Kapaligiran at Likas-Yaman, Kagawaran sa Panloob at Panlokal na Pamahalaan, at Kagawaran sa Katarungan, ang Komisyoner ng Korporasyon sa Pambansang Pag-unlad, at iba pang ahensya ng pamahalaan na aumaangkin sa pananakop sa mga lugar ay bibigyan ng babala tungkol ditto. Ang nasabing babala ay magbibigay wakes ng anumang legal

na batayan para sa pananakop na dating angkin ng mga naturang ahensya sa naturang mga lugar.

- m. ***Pagbibigay ng Katibayan ng pagkilala sa Lupaing Ninuno.*** Ang mga lupaing ninuno ng Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong pamayanan na pormal nang natukoy/nasukat ng PKKP/NCIP ay gagawaran ng Katibayan ng Pagkilala sa Lupaing Ninuno (CADT) sa pangalan ng kaukulang pamayanan, na naglalaman ng listahan ng lahat ng mga natukoy sa sensus; at
- n. ***Pagpapatala ng Katibayan ng Pagkilala sa Lupaing Ninuno.*** Itatala ng PKKP/NCIP ang mga naibigay na titulo sa lupaing ninuno (CADT) at mga katibayan ng pagkilala sa mga lupang ninuno sa Tanggapan ng Patalaan ng mga Titulo/Ari-arian ng lugar na kung saan matatagpuan ang lupain.

Seksyon 53. Pagtukoy/Pagsukat at katibayan ng Pagkilala sa mga Lupang Ninuno.

- a. Ang pagbabahagi ng mga kalupaan sa loob ng anumang lupaing ninuno at pagkakaloob ng mga bahagi nito sa isang tao o katutubong samahang nag-aangkin ay ibibigay sa kaukulang katutubong pamayanang Kultural/katutubong pamayanan upang pagpasyahan ng naaayon sa kaugalian at pinagkaugalian.
- b. Ang isang tao o mga samahan ng katutubong nag-aangkin ng lupang ninuno na wala sa loob ng lupaing ninuno, ay maaaring pormal na patunayan ang kanilang pag-aangkin sa pamamagitan ng pagpapatala ng kanilang mga kahilingan sa pagtutukoy at pagsusukat sa Tanggapan para sa Lupaing Ninuno. Ang isang tao o kinikilalang pinuno ng pamilya o angkan ay maaaring magpatala ng kanilang kahilingan sa kaniyang pangalan o sa ngalan ng kaniyang pamilya o angkan, ayon sa ayos ng pagkakasunod-sunod;
- k. Ang talaan ng kahilingan (*application form*) ay kailangang may kasamang mga patunay ng nasabing pag-aangkin na may kasamang

sinumpaang salaysay ng mga nakatatanda sa pamayanan at iba pang mga dokumentong tuwiran o di-tuwirang nagpatatunay sa pagmamay-ari o paninirahan o paninirahan sa mga lugar simula sa panahong hanggang abot ng alaala ay pagmamay-ari o pag-aangkin bilang may-ari ng isang tao o samahan ng mga tao ang naturang mga lugar, na maaaring alin man sa mga tunay na dokumentong inisa-isa sa Sek. 52 (d) ng Batas na ito, kasama ang mga pahayag sa buwis at patunay ng mga pagbabayad ng buwis;

- d. Ang Tanggapanpara para sa Lupaing Ninuno ay maaaring humingi mula sa bawat isang nag-aangkin ng lupang ninuno na magbigay ng iba pang mga dokumento, mga sinumpaang salaysay at iba pang katulad, na sa palagay nito ay maaaring makpagbigay-linaw sa katotohanan ng mga nilalaman ng kahilingan/pag-aangkin;
- e. Pagkatanggap ng kahilingan para sa pagtukoy/pagsukat at pagkilala ng pag-aangkin sa lupang ninuno, ilalathala ng Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ang kahilingan at isang sipi ng bawat dokumentong ibinigay kasama ang sipi ng nakasalin sa katutubong wika ng mga kinauukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa isang lantad na lugar ng hindi bababa sa labinlimang (15) araw. Ang sipi ng dokumento ay ipalalagay din sa mga tanggapanang panlokal, panlalawigan at panrelihiyon ng PKKP/NCIP at ipalalathala sa isang pahayagang may malawak na sirkulasyon minsan isang lingo sa loob ng dalawang (2) magkakasunod na lingo upang bigyan ng pagkakataon ang ibang nag-aangkin na makapagbigay ng pagtutol. *Sa kondisyon*, Na sa mga lugar na walang pahayagan, ang pagbabalita sa istasyon ng radio ay sapat nang kapalit. *Sa karagdagang kondisyon*, Na kahit ang Pagdidikit lamang ay maituturing nang sapat kung parehong pahayagan at istasyon ng radio ay hindi magamit.
- g. Labinlimang (15) araw mula sa araw ng paglalathala, ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay magsisyasat at magsusuri ng bawat isang kahilingan, at kung makikitang karapat-dapat, ay mag-uutos ng pagsukat sa bahagi ng lugar na inaangkin. Ang Tanggapan para sa Lupaing Ninun ay tatangi sa anumang pag-

aangkin na ipinapalagay nitong mali o may daya matapos ang pagsisyasat at pagpapatunay. Sa kalagayan ng di-pagtanggap, ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay magbibigay sa humihiling ng kaukulang pabatid, na may sipi ang lahat ng kinauukulan ng dokumento na naglalaman ng mga dahilan sa pagtanggap. Ang di-pagkakatanggap ay maaaring i-apela sa PKKP/NCIP. Sa kalagayan ng magkatunggaling panig at tutulungan silang magkaroon ng panimulang pagsasaayos sa hidwaan, ng walang pagtatanggi upang ganap itong maghukom nang naaayon sa itinatadhana ng Seksyon 62 ng Batas na ito. Sa lahat ng usaping/pandinig sa pagtukoy/pagsukat ng mga lupaing ninuno na tinutukoy dito, ang Patnugot ng mga Lupa (Director of the Lands Management Bureau) ang kakatawan sa kapakanan ng Republika ng Pilipinas;

- h. Ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay maghahanda at magbibigay ng ulat sa bawat isa at lahat ng mga kahilingan na natukoy at nasukat sa PKKP/NCIP na kung sino naman ang magtatamasa ng mga ulat na ibinigay. Kung nakita ng PKKP/NCIP na ng mga kahilingan sa pag-aangkin ay karapat-dapat, ito ay magbibigay ng isang Katibayang Pagkilala sa Lupaing Ninuno (CALT), na nagpapahayag at nagpapatunay ng pag-aangkin ng isang tao o korporasyon (pamilya o angkan) sa mga lupaing ninuno.

Seksyon 54. Mga Mapanlinlang ng Pag-aangkin.

Ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay maaari, sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan mula sa mga Katutubong Pamayanang kultural/Katutubong Pamayanan, na balik-aralan ang umiiral na mga pag-aangkin na maaaring mapanlinlang na nakamit ng, at ibinigay sa, sinumang tao o pamayanan at ito ay maaaring ipawalang-bisa ng PKKP/NCIP matapos ang naaayong babala at pagdinig sa lahat ng panig na nasasangkot.

Seksyon 55. Mga Karapatang Komunal. Sang-ayon sa pasubaling nakasaad sa Sek. 56 ng Batas na ito, ang mga lugar sa loob ng lupaing ninuno, natukoy/nasukat man ito o hindi, ay ipinapalagay na pinamamalagiang komunal o pampamayanan; *Sa kondisyon*, Na ang karapatang komunal sa ilalim ng Batas na ito ay hindi

ipapakahulugan bilang Komunidad sa Mga Ari-arian (Co-ownership) na itinatadhana sa Batas ng Republika Bilang 386, na kilala sa tawag na Bagong kodigo Sibil ng Pilipinas.

Seksyon 56. Umiiral na mga Sistema/Rehimen sa Pagmamay-ari at Ari-arian. Ang mga karapatan sa pagmamay-ari sa loob ng mga lupaing ninuno na umiiral at/o kinikilala nab-ago pa magkabisang Batas na ito ay kikilalanin at igagalang.

Seksyon 57. Mga Likas-Yaman sa loob ng Lupaing Ninuno. Ang mga Katutubong pamayananang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may natatanging karapatan sa pag-aani, pagkuha, pagpapaunlad o paggamit ng anumang likas-yaman sa loob ng mga lupaing ninuno. Ang di-kasapi ng Katutubong Pamayananang Kultural/Katutubong Pamayanan ay maaaring payagan na makibahagi sa pagpapaunlad at paggamit ng mga likas-yaman sa loob ng panahong hindi bababa sa dalawampu't limang (25) taon: *Sa kondisyon*, na ang isang pormal at nakasulat na kasunduan ay isasagawa ng kinauukulang Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubong Pamayanan o ng isang pamayanan, alinsunod sa sarili nitong kaparaanan sa pagpapasya, na nagsasaad na sial ay sumasang-ayong pahintulutan ang ganoong pagkilos. *Sa kondisyong panghuli*, na ang PKKP/NCIP ay maaaring gamitin ang mga kapangyarihan sa pagdalaw (visitorial powers) at gumawa ng angkop na hakbang upang mapangalagaan ang karapatan ng mga Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubong Pamayanan sa ilalim ng ganitong mga kasunduan.

Seksyon 58. Mga Pagsasa-alang-alang sa

Kapaligiran. Ang mga lupaing ninuno o bahagi nito, na mahalaga bilang maselan na tubig-himpilan (watershed), mga bakawan (mangroves), mga kanlungan ng buhay-ilang, kagubatan, pinangangalagaang lugar, kagubatan o lugar para sa pagpapanumbalik ng kagubatan na natukoy ng mga angkop na ahensya nang may ganap na pakikilahok ng mga Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubong Pamayanan ay pananatilihin, pamamahalaan at pauunlarin nang may ganap at mahusay na tulong ang mga ahensyang pampamahalaan. Kung pagpapasyahan ng mga Katutubong Pamayananang Kultural/Katutubong Pamayanan na isalin ang pananagutan sa mga nasabing lugar, ang naturang pasya ay dapat nakasulat. Ang pahintulot ng Katutubong Pamayananang Kultural/Katutubong Pamayanan ay dapat ginawa ayon sa kanilang mga katutubong batas na

walang kapinsalaan sa mga batayang pangangailangan ng umiiral na batas sa Malaya, nauuna at malinang na paghintulot; *Datapwa't*, ang pagsasalin ay pansamantala lamang at sa katapusan ay mababalik sa mga Katutubong Pamayanang cultural/Katutubong Pamayan ayon sa isang programa para sa pagsasalin ng teknolohiya: *Sa karagdagang kondisyon*, Na walang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ang maaalis o maililikas dahilan sa layuning inisa-isa sa ilalim ng seksyon na ito nang walang nakasulat na pahintulot ang tiyak na taong binigyan ng kapangyarihan na magbigay ng pahintulot.

Seksyon 59. Mga Itinatadhana Bago ang Pagbibigay ng Katibayan. Lahat ng kagawaran ng iba pang pampamahalaang ahensya simula ngayon ay mahigpit na pinagbabawalang magbigay, mag-ulit/magpanibago (renew) o magpahintulot ng anumang konsesyon, lisensya o paupa, o pumasok sa isang kasunduan sa pagbabahaginan sa produksyon, nang walang naunang katibayan mula sa PKKP/NCIP na ang maaapektuhang lugar ay hindi sumasanib sa alinmang lupaing ninuno. Ang nasabing katibayan ay ibibigay lamang matapos ang isang aktwal na pagsisyasat na isinagawa ng Tanggapan sa Lupaing Ninuno sa kinauukulang lugar: *Sa kondisyon*, Na walang katibayang ibibigay ang PKKP/NCIP nang walang malaya at nauuna, malinang at nakasulat na pahintulot ang kinauukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan; *Sa karagdagang kondisyon*, Na walang kagawaran, pampamahalaang ahensya o samahan sa kalakal na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng pammahalaan ang maaaring magbigay ng bagong konsesyon, pahintulot o kasunduan sa pagbabahaginan sa produksyon habang mayroong nakabinbing na kahilingan para sa katibayan sa Pagmamay-ari sa Lupaing Ninuno: *Sa huling kondisyon*, Na ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan ay may karapatang pigilin o ipatigil, nang naaayon sa batas na ito, ang anumang proyektong hindi nakasunod sa mga kinakailangan sa pamamaraan ng pagsangguning ito.

Seksyon 60. Hindi Kasama sa Pagbubuwis. Lahat ng lupang pinatitibayang lupaing ninuno ay hindi kasama sa pagbabayad ng buwis na *“real property”*, natatanging pagbubuwis, at iba pang anyo ng paniningil maliban sa mga bahaging lupaing ninuno na sadyang ginagamit sa malawakang agrikultura, pang komersyal na pagtatanim sa kagubatan at sa layuning paninirahan o may titulo na nakapangalan sa

pribadong tao. *Sa kondisyon*, na lahat ng paniningil ay gagamitin upang mapaayos ang pagpapaunlad ng mga lupaing ninuno.

Seksyon 61. Pansamantalang kapangyarihan sa Paghingi ng Tulong. Hangga't hindi naitatag ang isang institusyong may kakayanan sa pagsusukat ng lupain, at mabisang makakaganap sa mga tungkuling nabanggit sa itaas, ngunit kahit kalian ay hindi lalampas ng tatlong (3) taon matapos ang pagsasabatas nito, ang PKKP/NCIP ay bibigyan ng kapangyarihan na hilingin sa pangkat na nagsa-surbey ng Kagawaran sa Kalikasan at Likas Yaman gayundin ang iba pang kasing-husay na mga pangkat na nagsa-surbey, sa pamamagitan ng isang memorandum ng Kasunduan, na tukuyin/sukatin ang mga paligid ng lupaing ninuno. Ang Kalihim ng kagawaran sa Kalikasan at Likas Yaman ay magbibigay ng hinihiling na kawani, sa loob ng isang (1) buwan matapos matanggap ang kahilingan ng PKKP/NCIP: *Sa kondisyon*, Na isasaad sa Memorandum ng Kasunduan, kasama ang iba pa, ang tadhana ng pagsasalin ng kaalamang teknolohiya sa PKP/NCIP.

Seksyon 62. Pag-aayos ng mga Hidwaan. Sa oras na o kapag may magkasalungat na interes sa lupa, at kung saan may magkalabang pag-aangkin sa loob ng mga lupaing ninuno na natukoy/nakasukat at nakamapa sa isang “survey plan,” na hindi malutas, didinggin at huhukuman ng PKKP/NCIP ang usapin o hidwaan nagmumula sa pagtukoy at pagsukat ng lupaing ninuno, matapos ang karampatang pagbibigay-alam sa magkabilang panig, *Sa kondisyon*, Na kung ang hidwaan ay sa pagitan at/ o sila mismong mga Katutubong Pamayanang Kultura/Katutubong Pamayanan hinggil sa tradisyunal na hangganan ng kani-kanilang mga lupaing ninuno, ang katutubong pamamaraan ang susundin. Ang PKKP/NCIP ay magpapahayag ng kinakailangang mga batas at alituntunin upang maipatupad ang kanyang gampanin sa pag-aayos ng hidwaan. *Sa Karagdagang kondisyon*, Na anumang pasya, kautusan, gawad o hatol ng PKKP/NCIP sa anumang hidwaan sa lupaing ninuno o anumang bagay na may kaugnayan sa kahilingan, pagsasagawa, pagpapairal at pagpapakahulugan sa Batas na ito ay maaring ihain bilang *“Petition for Review”* sa Korte ng mga Apela (*Court of Appeals*) sa loob ng labinglima (15) araw mula sa pagkatanggap ng sipi ng gawad o hatol na nabanggit.

Seksyon 63. Nararapat ng mga Batas. Ang mga kinaugalian/katutubong batas, mga pinagkaugalian at kinasanayan ng mga Katutubong pamayanang

Kultural/Katutubong Pamayanan sa mga lupa kung saan ang hidwaan ay nagmula ay siya munang gagamitin sa mga usapin ukol sa paggalang sa mga karapatan sa ari-arian, mga pag-aangkin, pagmamay-ari, mga pagkakasunod-sunod na mana at pagsasa-ayos ng mga hidwaan sa lupa. Anumang pag-aalinlangan o kalabuan sa pagpapairal at pagbibigay-kahulugan sa mga batas ay lulutasin sa kapakinabangan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan.

Seksyon 64. Mga Hakbang Panlunas. Ang sapilitang pagbawi (Expropriation) ay mapipilitang gamitin sa paglutas ng mga tunggalian sa interes na sinusunod ang panuntunang “kabutihan sa nakararami.” Ang PKKPN/NCIP ay gagawa ng nararapat na legal na hakbang upang ipawalang bias ang mga titulong opisyal na nakatala ngunit nakamit sa hindi legal na paraan. *Sa kondisyon*, Na ang gayong pamamaraan ay titiyak na ang mga karapatan ng matuwid na may-ari ay igagalang. *Sa karagdagang kondisyon*, Na ang mga hakbang para sa pagpapawalang-bisa ay gagawin sa loob ng dalawang (2) taon mula sa pagkakabisa ng Batas na ito. *Sa katapusang kondisyon* Na ang mga hakbang sa pagsasauli (reconveyance) ay isasagawa sa loob ng sampung (10) taon sang-ayon sa mga umiiral na batas.

KABANATA IX :

HURISDIKSYON AT MGA PAMAMARAAN SA PAGPAPATUPAD NG MGA KARAPATAN

Seksyon 65. Pagiging Pangunahin ng mga Kinaugaliang/Katutubong Batas at mga Kaugalian. Ang mga hidwaan sa pagitan ng mga kapwa Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay lulutasin sa pamamagitan ng kinaugaliang/katutubong batas at kaugalian.

Seksyon 66. hurisdiksyon ng PKKPN/NCIP. Ang PKKPN/NCIP, sa pamamagitan ng kanyang mga Tanggapang Panrehiyon ang may tanging hurisdiksyon (jurisdiction) o kapangyarihan sa lahat ng mga pag-aangkin at hidwaan na tungkol sa mga karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan. Dahil dito, walang hidwaang idudulog sa PKKPN/NCIP maliban kung ang magkabilang panig ay naubusan na ng lahat na kaparaanan ng panlunas na itinatadhana sa ilalim ng kanilang mga kinaugaliang katutubong batas. Sa katuparan ng layuning ito, gagawa ng isang katibayan ang Kapulungan ng mga Nakatatanda/Pinuno ng tribo na lumahok sa pagtatangkang maayos ang hidwaang hindi rin nalutas, na ang katibayan ay isang kondisyon bago ang paghahain ng petisyon sa PKKPN/NCIP maliban kung ang magkabilang panig ay naubusan na ng lahat na kaparaanan ng panlunas na itinatadhana sa ilalim ng kanilang mga kinaugaliang/katutubong batas. Sa katuparan ng layuning ito, gagawa ng isang katibayan ang Kapulungan ng mga Nakatatanda/Pinuno ng tribo na lumahok sa pagtatangkang maayos ang hidwaang hindi rin nalutas, na ang katibayan ay isang kondisyon bago ang paghahain ng petisyon sa PKKPN/NCIP.

Seksyon 67. Mga Paghahabol sa Hukuman para sa Paghahabol (Court of Appeals). Ang mga kapasyahan ng PKKPN/NCIP ay maaaring habulin sa Hukuman para sa Paghahabol sa pamamagitan ng isang “Petition for Review.”

Seksyon 68. Pagpapatupad ng mga Pasya, Gawad at Kautusan. Sakaling sa pagtatapos ng panahong nakatadhana ditto, walang paghahabol na mabubuo ang

sinuman sa magkatunggaling panig, ang Punong Tagadinig ng PKKP/NCIP, sa sarili nitong pagkukusa o mula sa kahilingan ng isang panig, ay magbibigay ng isang “*Writ of Execution*” utos sa pagpapatupad na kinakailangan ng ‘sherif’ o ng wastong opisyal/tauhan upang ipatupad ang pangwakas na pagpapasiy, kautusan o gawad ng Panrehiyong Punong Tagadinig ng PKKP/NCIP.

Seksyon 69. Mala-Hukumang Kapangyarihan ng PKKP/NCIP. Ang PKKP/NCIP ay mayroong sumusunod na mga lakas at kapangyarihan:

- a. Magpahayag ng mga tuntuning at kautusan na sumasaklaw sa pagdinig at pag-aayos sa mga kasong ihinain ditto gayundin ang ibang may kaugnayan sa mga panloob na tungkulin at mga kautusan at tuntunin na maaaring kailanganin sa pagpapatupad ng mga layunin ng Batas na ito;
- b. Mamamahala ng mgasinumpaang salaysay, tawagin ang mga panig na may hidwaan, maglabas ng mga ‘subpoena’ na nangangailangan ng pagdalo at pahayag ng mga saksi o paggawa ng mga aklat, kasulatan, kontrata, talaan, kasunduan at iba pang kasulatang may katulad na katangian na maaaring mahalaga sa makatarungang pagpapasya sa mga bagay na isinasailalim sa pagsusuri o pagdinig na ginagawa sa pagsasakatuparan ng Batas na ito;
- k. Pigilin ang sinumang taong nanghamak o lumapastangan sa hukuman, tuwiran man o hindi, at magpataw ng kaukulang parusa para dito;
- d. Ipatigil ang alinman o lahat ng mga batas na may kaugnayan o nagmula sa anumang kasong nakasampa ditto kung saan, kung hindi kagyat na mapipigilan, ay maaaring magdulot ng maselan at di-mapagtatakpan pinsala sa alinmang panig sa kaso o malubhang maaapektuhan ang gawaing panlipunan at pangkabuhayan.

Seksyon 70. Pansamantalang Utos sa Pagpigil (Restraining Order) o “Preliminary Injunction.” Walang mababang hukuman sa Pilipinas ang magkakaroon ng kapangyarihan na magpalabas ng

anumang kautusan na nagpipigil (*restraining order*) o kasulatan sa panimulang kautusan (*writ of preliminary injunction*) laban sa PKKP/NCIP o alinmang kaso, hidwaan o pagtatalong nagmula, o kailangan sa pagpapakahulugan sa Batas na ito at iba pang mga kaugnay na batas hinggil sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at sa lupang ninuno.

KABANATA X :

PONDO PARA SA LUPAING NINUNO

Seksyon 71. Pondo para sa Lupaing Ninuno. Sa pamamagitan nito ay bubuuin ang isang natatanging pondo, na makikilala bilang Pondo para sa Lupaing Ninuno, ang panimulang halaga na Isang Daan at Tatlung Milyong Piso (P130,000,000) ay itatalaga upang mabayaran ang mga lupang binawi, ang pagtukoy at pagsukat at pagpapaunlad sa lupaing ninuno. Ang halagang Limampung Milyong Piso (P50,000,000) ay magmumula sa kinita (gross income) ng *Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO)* mula sa operasyon ng lotto, Sampung Milyong Piso (P10,000,000) mula sa mga tinanggap na buwis (gross receipt) na ipinataw sa mga manlalakbay ng nakaraang taon, ang pondo ng Konseho sa Panlipunang Pagbabago (*Social Reform Council*) na nakalaan sa surbey at pagsusukat ng mga lupa/lupaing ninuno, at iba pang mapagkukunan na maituturing ng pamahalaan na naaangkop. Pagkatapos nito, ang nasabing pondo ay isasama na sa taunang Pangkalahatang batas sa Paglalaan ng Gugulin (*General Appropriations Act*). Ang mga pondong lokal at nagmula sa ibang bansa na ibinigay para sa mga pamahalaan ng Pilipinas ay padadaanin sa PKKP/NCIP. Ang PKKP/NCIP ay maaari ring mangalap at tumanggap ng mga donasyon, bigay at iginawad sa anyo ng mga abuloy, at ang nasabing kaloob ay hindi papatawan ng buwis (*income and gift taxes*), mga singil o butaw na ipinapataw ng pamahalaan o anumang pampulitikang bahagi o mga ahensya nito.

KABANATA XI :

MGA KAPARUSAHAN

Seksyon 72. Mga Gawaing May Parusa at iba pang Naaangkop na mga Multa. Sinumang tao na nakagawa ng paglabag sa alinman sa mga itinatadhana ng Batas na ito, katulad ng, subalit hindi limitado sa, walang pahintulot at/o labag sa batas na panghihimasok sa alinmang lupa o lupaing ninuno katulad ng nakasaad sa Sek. 21 at 24 Kabanata V, Sek. 33 kabanata VI ditto, ay mapaparusahan anng naaayon sa mga katutubong batas ng kaukulang mga Katutubong pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan: *Sa kondisyon*, Na ang parusa ay hindi maaaring ipataw ang parusang kamatayan o pagbabayad ng sobra-sobrang multa. Ang tadhanang ito ay walang pagtatangi sa karapatan ng sinumang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na makinabang sa pangangalaga ng mga umiiral na batas. Sa anumang kalagayan, sinumang tao na lumabag sa alinmang itinatadhana ng Batas na ito, kung mapapatunayang nagkasala ay mapaparusahan ng pagkakabilanggo ng hindi bababa sa siyam (9) na buwan at hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan o pagmumultahin ng hindi bababa sa Isandaang libong Piso (P100,000,000) o hindi lalampas sa Limangdaang Libong Piso (P500,000,000) o parehong multa at pagkakabilanggo kung pinagpasyahan ng hukuman. Dagdag ditto, siya ay pipiliting magbayad sa kinauukulang Katutubong Pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan ng anumang pinsalang dinanas ng huli bilang kinalabasan ng ginawang paglabag sa batas.

Seksyon 73. Mga Taong Maaaring Mapatawan ng Parusa. Kung ang may katauhang hurikidal (juridical persons), lahat ng pamunuan nito, katulad ng, ngunit hindi limitado sa kaniyang Pangulo, Tagapamahala, o Punong Tagapagpaganap ang siyang mananagot sa lahat ng di-makatarungang galaw o kilos nito ang siyang mananagot sa lahat ng di-makatarungang galaw o kilos nito at siyang papatawan ng kasalananang criminal, dagdag pa ditto ang pagbawi sa kanilang lisensya o katibayan ng pagpaparehistro. Datapwa't kung ang may sala ay isang pinuno ng pamahalaan, ang kaparusahan ng dis-qualification para manungkulan ay ipapataw rin.

KABANATA XII :

PAGSASANIB NG TANGGAPAN PARA SA TAGA-HILAGANG KATUTUBONG PAMAYANAN (ONCC) AT TANGGAPAN PARA SA TAG- TIMOG NA KATUTUBONG PAMAYANAN (OSCC)

Seksyon 74. Pagsasanib ng ONCC at OSCC. Ang Tanggapan para sa Taga-Hilagang Katutubong Pamayanan (ONCC) at Tanggapan para sa Taga-Timog na Katutubong Pamayanan (OSCC), na nilikha sa ilalim ng Pampangasiwaang Utos bilang 122-B at 122-C, ayon sa pagkakabanggit, ay pinagsasanib bilang mga tanggapang organiko ng PKKP/NCIP at magpapatuloy na gagampanan sa ilalim ng pinasigla at pinalakas na katayuan upang makamtan ang mga layunin ng PKKP/NCIP: *Sa kondisyon*, Na ang mga posisyon ng Puno ng mga Kawani, Mga Patnugot sa Kawanihan, Kinatawan ng Punong Tagapagpaganap maliban sa posisyon ng Panrehiyong Tagapagpaganap at mas mababa pa ditto, ay inaalís na mula sa pagkakabisa ng Batas na ito: *Sa kondisyon pa*, na ang mga opisyal at kawani ng mga inalis na mga tanggapan na may kakayahan ay maaaring humiling para muling itatalaga sa PKKP/NCIP at maaaring bigyan ng pangunang karapatan sa pagbubuo ng mga bagong gawang posisyon, nang naaayon sa mga katangiang itatalaga ng Komite sa Pagtatakda (*Placement Committee*): *Sa karagdagang kondisyon*, Na sa pangyayari kung saan ang isang katutubo at isang di-katutubo na may magkatulad na katangian ang magprisinta sa parehong posisyon, ang unang pagkakataon ay ibibigay sa una. Ang mga tanggapan at kawani na aalisin bunga ng pagsasanib ng mga tanggapang ito ay bibigyan ng karapatan sa pabuya sa halagang katumbas ng isa at kalahating (1 1/2) buwang sahod sa bawat taon ng tuloy-tuloy na nakalulugod na paglilingkod o ang katumbas sa pinakamalapit na hating-bilang nito na may bentahe sa kanila batay sa pinakamataas na sahod na natanggap. Kung sila ay may karapatan ng tumanggap ng mga kabayaran sa pamamahinga at pag-alis, sila ay may laying mamili alinman sa mga benepisyo sa pagpapahinga sa trabaho o kabayaranang ibinibigay sa mga umalis na kawani katulad ng nakasaad ditto. Ang mga

pinuno at kawani na maaaring maibalik sa dating tungkulin ay magbabalik ng natanggap na benepisyo sa pagpapahinga sa trabaho o kabayaranang ibinigay sa umalis na kawani. *Sa huling kondisyon*, na ang mga tinanggap na kawani ay kailanganag makapasa sa katangian at pamantayang itinatatalaga sa Serbisyong Sibil ng Komite sa Pagtakda na binuo ditto.

Seksyon 75. Panahon sa Paglilipat. Ang ONCC at OSCC ay binibigyan ng anim (6) na buwan mula sa pagkakabisa ng Batas na ito upang tapusin ang kanilang mga Gawain at gumawa ang awdit sa mga pera nito.

Seksyon 76. Pagsasalang nga mga pagmamay-ari at Kagamitan. Lahat ng mga tunay at personal na pagmamay-ari, o ari-arian ng pinagsanib na mga tanggapang binaggit ay isasalin sa PKKP/NCIP na hindi na kinakailangan ng pagsasabi, pagsasalin at paglilipat ng titulo at gagawin sa parehong dahilan katulad ng pagtatago sa mga iyon sa dating tanggapan. *Sa kondisyon*, Na lahat ng mga kontrata, talaan at dokumentong may kaugnayan sa pagpapalakad ng mga pinagsanib na mga tanggapan ay isasalin sa PKKP/NCIP. Lahat ng mga kasunduan at kontratang papasukin ng pinagsanib na tanggapan ay mananatiling may lakas at bias maliban kung tinatapos na, binago o sinusugan ng PKKP/NCIP.

Seksyon 77. Komite sa Pagtatakda ng Kawani. Ayon sa mga tuntunin ng muling pagbabalangkas ng pamahalaan, isang Komite sa Pagtatakda ng Kawani ang bubuuin ng PKKP/NCIP, sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa Paglilingkod Sibil, na tutulong sa makatarungang pagpili at paglalagay ng mga tauhan upang ang pinakamahusay at pinaka-karapat-dapat na mga tao ang maitatalaga sa muling binagong ahensya. Ang Komite sa Pagtatakda ng Kawani ay bubuuin ng pitong (7) Komisyonado at isang katutubong kinatawan mula sa una at pangalawang bahagdan ng samahan ng mga kawani sa OSCC at ONCC, mga samahang di-pampamahalaan na nakapaglingkod sa pamayanan ng hindi bababa sa limang (5) taon at mga samahang pantao na nabubuhay ng hindi bababa sa limang (5) taon. Sila ay gagabayan ng pmantayan ng pagpapanatili at pagtatalaga na gagawin ng lupong sanggunian (*consultative body*) at ng kaukulang tadhana ng batas sa paglilingkod sibil.

KABANATA XIII :

MGA HULING TADHANA

Seksyon 78. Mga Natatanging Tadhana. Ang Lungsod ng Baguio ay mananatili sa ilalim ng Batas na lumikha sa kanya. Ang lahat ng mga kalupang ipinahayag bilang bahagi ng ng “townsite reservation” ay mananatiling gayon hanggang hindi binabago ang uri ng angkop na batas. *Sa kondisyon*, Na ang hanggang hindi binabago ang uri ng angkop na batas. *Sa kondisyon*, Na ang naunang karapatan sa lupa at titulong kinikilala at/o nakuha sa pamamagitan ng anumang paghukom at pamamahala at iba pang pamamaraan bago magkabisa ang Batas na ito ay mananatiling may bias: *Sa karagdagang kondisyon*, na hindi isasama sa tadhanang ito ang anumang lugar na naging bahagi ng Baguio bago magkabisa ang Batas na ito.

Seksyon 79. Mga Laang Gugulin. Ang halagang kinakailangan upang tustusan ang unang pagpapatupad ng Batas na ito ay magmumula sa kasalukuyang laang gugulin ng ONCC at OSCC. Matapos ito, ang halagang kinakailangan para sa patuloy na pagpapatupad ng batas na ito ay isasama sa taunang Pangkalahatang Batas sa Laang Gugulin.

Seksyon 80. Mga Tuntunin at Alituntunin sa Pagpapatupad. Sa loob ng animnapung (60) araw matapos ang paghirang, ang PKKP/NCIP ay gagawa ng kinakailangang mga tuntunin at alituntunin sa pagpapatupad (*Implementing Rules*) and Regulations (*IRR*), sa pakikipagsangguni sa mga Komite sa Pambansang Katutubong Pamayanan sa Mababang Kapulungan at sa Senado para sa mabisang pagpapatupad ng batas na ito.

Seksyon 81. Nakalaang Tadhana. Hindi maaapektuhan ng Batas na ito sa anumang paraan ang mga karapatan at kapakipakinabangan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/katutubong Pamayanan sa ilalim ng ibang kumbensyon, mga mungkahi, pandaigdigang kasunduan, pambansang batas, gawad, kaugalian at kasunduan.

Seksyon 82. Tadhana sa Pagkakahiwalay. Sa pagkakataon na alinman sa itinatadhana ng Batas na ito o alinmang bahagi ditto ay isinaad na hindi sang-ayon sa Saligang batas ng isang may kakayahang hukuman, ang ibang tadhana ay hindi maaapektuhan.

Seksyon 83. Tadhanang Nagpapawalang Bisa. Ang Panguluhang Utos Bilang 410, Pampangasiwaang Utos bilang 122-B at 122-C, at lahat ng iba pang mga batas, utos, tuntunin at kautusan o mga bahagi nito na salungat sa Batas na ito ay ipinapawalang bias o binabago nang naayon ditto.

Seksyon 84. Ang batas na ito ay magkakabisa sa loob ng labinlimang (15) araw matapos na mailathala sa Official Gazette o alinman sa dalawang (2) pahayagang may malawak na sirkulasyon.

PINAGTIBAY

(NILAGDAAN)

JOSE DE VENECIA, JR.

Speaker of the House of Representatives

ERNESTO M. MACEDA

President of the Senate

Ang Batas na ito ay pinagsanib sa Senate Bill 1728 at house Bill No. 9125 na isinabatas ng Senado at HOR noong Ika-22 ng Oktobre, 1997.

(NILAGDAAN)

ROBERTO P. NAZARENO

Secretary General, HOR

LORENZO P. LEYNES, JR.

Secretary of the Senate

PINAGTIBAY; IKA-29 NG OKTUBRE, 1997

FIDEL V. RAMOS

President of the Philippines